TRUTH CENTERED TRANSFORMATION

MODYUL 3

PAG-UNAWA SA KATOTOHANAN NG DIYOS AT SA KASINGUNGALINGAN NI

Gabay para sa Pasiliteytor

Ang Truth Centered Transformation ay isang ministeryo ng Reconciled World. Tingnan ang TCTProgram.org

Reconciled World

Talaan ng mga Nilalaman

Aralin 1: Tayo Ba Ay Binabago? **1**
Panimula 1
Ang Kautusan ng Diyos 4
Balik Aral sa Modyul 1 6
Pagbabagong Nangyari sa Bansa ng Fiji 7
Aral Mula sa Modyul # 1 at 2 10
Pagmumuni-muni 11

Aralin 2: Tayo Ay Dapat Maging Mabubuting Tagapangasiwa Ng Mga Nilikha Ng Diyos **12**
Panimula 12
Ang Kwento 13
Pag-aaral mula sa Bibliya 14
Ang Tamang Relasyon sa mga Nilikha ng Diyos 15

Aralin 3: Maaari Nating Mabago Ang Ating Kinabukasan **19**
Panimula 19
Paggawa ng Kakaiba (Making a difference) 20
Ang Pagiging Tagapag-Dala o Tagapag-hatid ng Pagbabago 21
Basahin ang Lucas 7:11-17 "Muling Binuhay ang Anak ng Isang Biyuda" 21
Konklusyon 27
Paglalapat 28

Aralin 4: Ang Diyos Ay Nagbigay Sa Atin ng Sobra-sobra **29**
Panimula 29
Pag-aaral Mula sa Biblia 30
Pagwawaksi ng ating mga Dahilan sa Di-paggamit ng Talento 31
Kailangan Nating Magsimulang Makita ang Lahat ng Ibinigay ng Diyos sa Atin 32
Ang mga Magsasaka 34

Aralin 5: Si Satanas Ay Sinungaling **36**
Panimula 36
Ano ang mga uri ng kasinungalingan na sinasabi ni Satanas? 37
Ano ang ipekto ng mga Kasinungalingan sa atin? 39
Paano natin iwawaksi ang mga kasinungalingan? 41

Aralin 6: Pangangailangan ng Pagsusuri **42**
Panimula 42
Mga Pamilya sa Komunidad 43
Ang Komunidad 44
Prayoridad na mga Proyekto 45

Aralin 1: Tayo Ba Ay Binabago?

Pangunahing mga Layunin

1. Maunawaan na bilang Kristiano, ang ating buhay ay dapat nababago habang tayo'y naglalakad na may pagsunod sa Diyos

2. Maglaan ng panahon upang suriin ang ating buhay kung nilalapat nga natin sa ating kani-kaniyang buhay ang ating nalalaman tungkol sa kautusan ng Diyos at kung atin ngang nakikita yaong mga pagbabago sa ating buhay

Kakailanganing mga Materyales sa Pagpapasilita ng Aralin

1. Pack ng Visual Aids — Mga Larawan nang Pagbabago sa Bansa ng Fiji

2. Manila Paper o malalaking papel at mga Krayola

Panimula

Basahin ang sumusunod na mga kwento

Kwento # 1: Rwanda

Ang Rwanda ay isang maliit na bansa na mayroong populasyon na 8.2 milyong mga tao (1990 – Hutu vs. Tutsi). 100 taon na ang nakakalipas at wala kahit isang kristiano roon ngunit nang nagsimula ang taong 1990, ay mayroon nang mga simbahang pangkristiano halos kahit saan: ang 85 na porsyento ng mga taga-Rwanda ay naging mga kristiano. Ito ay nagsimula sa isang pangyayari na tinatawag na "Pagbabagong-Buhay" o *"revival"* na kumalat sa nakakarami sa Silangang bahagi ng Africa noong dekada 40 na nagbunga ng kaligtasan espiritwal ng milyong mga katao doon. At noong 1991 at 1993, nagkaroon ng malawakang krusada para sa pagpapalaganap ng Mabuting Balita tungkol sa ating Panginoong Jesus, na ito rin ang ikinaligtas ng libo-libo pang mga tao doon.

Ganunpaman, noong April at Mayo ng taong 1994, isang kagimbal-gimbal at malawakang patayan ang naganap dito na 1 milyon ang napatay at 2 milyon ang sapilitang pinalikas palabas ng Rwanda. Ang patayan ay bunga ng pagkamuhi sa ibang lahi ng kanilang kababayan. At ang patayang naganap ay ginawa ng harap-harapan gamit ang kutsilyo, at hindi sa pamamagitan ng mga pampasabog o ng mga baril. Sa bansang ito na 85 na porsyento ay mga Kristiano, dalawang kristiano mula sa magkaibang lahi ang maghaharap at magpapatayan gamit ang kutsilyo sa dahil sa kanilang pagkamuhi sa isa't-isa. Ang kagimbal-gimbal na kaganapang ito ay napakahirap paniwalaan. Isang pangkaraniwang kwento ang marinig doon na, ginahasa ang isang ina sa harap ng kaniyang mga anak at ang sapilitang pagpapalibing nang buhay sa mga anak nito. Ngunit walang sinuman sa buong mundo ang makapaniwala na kaya ng dalawang grupo o lahi na parehong kristiano na kani-kanilang labis na kamuhian ang isa't-isa.

Kwento # 2: USA

Sa buong bansa ng America ay makakatagpo ka ng mga simbahan kahit saan. Maaari kang makinig sa isang kristianong istasyon ng radio o maaari ka namang manood sa isang kristianong istasyon ng TV kahit saan sa America. May mga kristianong paaralan sa halos lahat ng komunidad, kasama pa rito ang mga kristianong kolehiyo at mga unibersidad. Hindi mabilang dito ang dami ng mga babasahing aklat na pangkristiano, kristianong websites, mga magasin at mga dyaryo. Ganunpaman, dito sa America, isa't kalahating milyon mga sanggol ay ipinapapatay sa pamamagitan ng pagpapalaglag nito bago pa ito ipanganak. Kalahati ng mga ikinakasal ay naghihiwalay din o natatapos sa paghahain ng diborsyo. Ang mga estatistikong ito ay hindi lamang kumakatawan sa mga di kristiano. Sapagkat ang higit na nakakagulat dito ay halos magkasingdami ang bilang ng mga di-kristiano at kristianong nagdidiborsyo at mga nagpapalaglag ng kanilang mga sanggol.

Kwento # 3: Brazil

Sa bahagi ng baybaying ilog ng Amazon ay may mga komunidad sa mga liblib na lugar nito at sila'y lubhang mga dukha. Ang tanging paraan upang marating ang mga liblib na lugar na ito ay sa pamamagitan ng bangka. Walang kilalang kristianong naninirahan doon sa loob nang nakalipas na tatlumpong taon. Ngunit tatlumpong taon din ang nakakaraan ay nagtungo dito ang mga misyonaryo sakay ng mga bangka at kanilang ibinahagi sa mga lugar na ito ang Mabuting Balita na ikinaligtas ng mga tao roon. Ang mga misyonaryong nagtungo roon ay nanatili ng ilang mga panahon, nagtatatag ng mga simbahan, at pagkatapos ay nagtungo naman sa iba pang liblib na mga komunidad doon. Ngayon, kapag ikaw ay pupunta doon ay mapapa-iyak ka dahil ang mga naninirahan sa mga komunidad na ito ay mga dukha pa rin. Sa mga nayong ito, ang mga pamilya ay walang sapat na nakakain. At isa sa paraan upang kumita o magkaroon ng pera ang isang pamilya mahirap doon ay ang pagbebenta ng katawan ng kanilang labindalawa o labingtatlong taong gulang na mga anak na babae. Ibinebenta ng mga tatay ang kanilang mga anak na babae sa mga mayayaman sa kanilang komunidad. Ganito rin ang ginagawa ng mga kristianong tatay doon – ibinibenta nila ang kanilang mga anak na babae para sa panangdaliang aliw kumita lamang ng pera.

- Ano ang mga nangyari sa bawat kwento?

- Ang mga ito ba ay nakakagulat o hindi? Bakit ito nakakagulat?

- Sa iyong palagay, ano ang nararamdaman ng Diyos sa mga pangyayaring ito? Bakit?

Kwento # 4: Isang Nayon na nasa Bundok

Mayroon isang maliit na nayon sa isang bundok. Ito ay nasa mahirap na bahagi ng bansa at ang mga tao roon ay namumuhay ng simple lamang. Bihira silang may sapat na pagkain. Sila ay umasa lamang sa klase ng panahon upang kanilang malaman kung anong uring buhay mayroon sila sa taong iyon — kung sila ba ay magkakaroon ng sapat na ani o magiging kulang ang kanilang ani sa taong iyon? Wala silang palikuran sa kani-kanilang tahanan at namumuhay sila sa isang napakasimple at maliit na bahay. Hindi naman sila mga taong malungkutin at sa katotohanan nga ay nagtatrabaho sila ng mabuti sa kanilang sinasakang lupa, ngunit hirap sila taon-taon na lamang.

Tatlumpong taon na ang nakakalipas nang unang dumating sa kanilang nayon ang mga misyonaryo na siya ring nagbahagi ng Mabuting Balita tungkol sa Panginoong Jesus. At sa kanilang pakikinig at pagkaunawa ay nagsimula silang maniwala at marami ang naging mga kristiano. Ang mga misyonaryo ay tumulong sa mga taga-roon upang magtatag ng simbahan sa iba't-ibang mga lugar. Ang mga taga-roon ay palagiang dumadalo sa kani-kanilang mga simbahan. Sila'y masasaya sapagkat alam nila na kapag sila'y namatay at patutungo sila sa langit. Kanila na ring inaasam-asam agad ang kahanga-hangang araw na iyon na kanilang makita at makaharap ang kanilang Tagapagligtas.

Makalipas ang ilang taon ay umalis na ang mga misyonero at nanatiling matatatag ang mga simbahan sa pamumuno ng lokal na mga lider. Tatlumpong taon ang nagdaan at muling nagbalik ang mga misyonero. Ang simbahan ay lumago at ang mga tao ay naging dedikado sa kanilang palagiang pagsasama-sama. Ganunpaman, ang kanilang nayon ay ganoon pa rin at hindi nagbago. Sila'y napakahihirap pa rin at patuloy na umaasa lamang sa lagay ng panahon upang malaman kung anong uri ng taon ang kanilang dadanasin – kung sila ba'y dadanas ng gutom muli o magkakaroon ng sapat na ani para sa taong iyon. Wala pa ring silang mga palikuran sa kani-kanilang bahay sa buong nayon at mga karatig nito. Kung may mga pagbabago mang naganap sa kanilang nayon ay pawang napakaliliit lamang ng mga ito.

- Ano ang nangyari sa kwentong ito?

- Ang kwentong ito ba ay nakakagulat? Bakit ito nakakagulat o bakit hindi?

- Ano ang pagkakatulad nito sa naunang tatlong mga kwento?

Sa ilang banda, ang huling kwento ay hindi gaanong nakakagulat kumpara sa naunang tatlong kwento dahil ang mga nangyari sa pangatlong kwento ay mga pangkaraniwan lamang. NGUNIT, ang ikatlong kwento ay tulad din ng naunang mga kwento: habang ang kristianismo ay halos binubuo ng mga taong nakakakilala sa Panginoong Jesus, ang kanilang buhay hindi nagbago o nagbabago. Nais ng Diyos na maging kakaiba ang buhay ng mga kristiano dito sa mundo pa lamang, at hindi sa pagdating ng isang kristiano sa langit.

Ang Kautusan ng Diyos

Basahin ang **Deuteronomio 30:11-20**

"11 "Ang kautusang ibinibigay ko sa inyo ngayon ay hindi naman napakahirap sundin at unawain. 12 Wala ito sa langit, kaya hindi na ninyo dapat itanong, 'Sino ang aakyat sa langit para sa atin upang kunin ang kautusan upang marinig natin ito at maisagawa?' 13 Wala rin ito sa ibayong-dagat kaya hindi ninyo dapat itanong, 'Sino ang tatawid sa dagat para sa atin upang kunin ang kautusan upang marinig natin ito at maisagawa?' 14 Napakalapit ng kautusan sa inyo, nasa inyong mga labi at nasa inyong mga puso. Kailangan lang ninyo itong tuparin.
15 "Binibigyan ko kayo ngayon ng pagpipilian: buhay o kamatayan; kasaganaan o kahirapan; 16 kapag sinunod ninyo ang mga utos na ibinibigay ko sa inyo ngayon mula kay Yahweh na inyong Diyos,[a] at kung mahal ninyo siya at ginagawa ang kanyang kagustuhan, pagpapalain niya kayo sa lupaing ibibigay niya sa inyo. Bibigyan niya kayo ng mahabang buhay at gagawing isang malaking bansa. 17 Ngunit kapag tumalikod kayo at ayaw nang makinig sa kanya, sa halip ay naglingkod sa ibang mga diyos, 18 ngayon pa'y sinasabi ko sa inyong malilipol kayo. Hindi kayo magtatagal sa lupaing sasakupin ninyo sa ibayo ng Jordan. 19 Saksi ko ang langit at ang lupa na ngayo'y inilahad ko sa inyo ang buhay o kamatayan, at ang pagpapala o sumpa. Kaya, piliin ninyo ang buhay para kayo at ang inyong lahi ay mabuhay nang matagal. 20 Ibigin ninyo si Yahweh, sundin siya at manatiling tapat sa kanya upang kayo at ang inyong salinlahi ay mabuhay nang matagal sa lupaing ipinangako niya sa ninuno ninyong sina Abraham, Isaac at Jacob."" (Magandang Balita Biblia – MBB)

- Paano isinalarawan ng Diyos ang Kanyang Kautusan? Ang mga ito ba'y mahirap sundin o madaling sundin? (vv. 11-14)

- Ano ang ating mga pagpipilian ayon sa ika-15 na talata? Ano ang iyong pipiliin?

- Ano ang nagdadala ng buhay at pagpapala? (v.15-16)

- Ano ang magdadala ng kamatayan at sumpa? (v.17-18)

- Ano ang nais ng Diyos na ating piliin? (v.19)

Basahin ang **Deuteronomio 28:1-14**

1 "Kung susundin lamang ninyo si Yahweh na inyong Diyos at tutuparin ang kanyang mga utos, gagawin niya kayong pinakadakila sa lahat ng mga bansa sa balat ng lupa. 2 Mapapasa-inyo ang

lahat ng mga pagpapalang ito kung susundin ninyo ang Diyos ninyong si Yahweh.
[3] "Pagpapalain niya kayo sa inyong mga bayan at sa inyong mga bukid. [4] "Pagpapalain niya kayo ng maraming anak, masaganang ani sa inyong lupain, at maraming alagang hayop.
[5] "Pagpapalain niya ang imbakan ng inyong inaning butil at ang mga pagkaing nagmumula roon. [6] "Pagpapalain niya kayo sa lahat ng inyong gagawin. [7] "Ang mga kaaway na magtatangkang lumaban sa inyo ay matatalo ninyo sa tulong ni Yahweh. Sasalakayin nila kayo ngunit magkakanya-kanya sila sa pagtakas. [8] "Pagpapalain niya ang inyong mga kamalig at lahat ng inyong gawain; pagpapalain niya kayo sa lupaing ibibigay niya sa inyo. [9] "Tulad ng pangako ni Yahweh, kayo'y gagawin niyang isang bansang matatag at nakalaan sa kanya kung susundin ninyo siya at tutuparin ang kanyang mga tuntunin. [10] Sa ganoon makikita ng lahat ng bansa na kayo'y kanyang bayan, at matatakot sila sa inyo. [11] Pasasaganain niya kayo sa lahat ng bagay pagdating ninyo sa lupaing ibibigay niya sa inyo. Pararamihin niya ang inyong anak, at mga hayop, at pasasaganain ang ani ng inyong bukirin. [12] Bubuksan niya ang langit upang ibuhos sa inyo ang ulan sa kapanahunan. Pagpapalain nga niya kayo sa lahat ng inyong gagawin. Dahil dito, hindi kayo mangungutang, sa halip, kayo pa ang magpapautang sa ibang bansa. [13] Gagawin kayo ng Diyos ninyong si Yahweh na pinuno ng mga bansa, at hindi tagasunod. Uunlad kayo at hindi mabibigo kung susundin ninyong mabuti ang kanyang mga utos na ibinibigay ko sa inyo ngayon. [14] Huwag ninyong lalabagin ang alinman sa sinasabi ko sa inyo. Huwag kayong lilihis sa kanan o sa kaliwa. Huwag kayong tatalikod kay Yahweh ni sasamba o maglilingkod sa mga diyus-diyosan." (MBB)

- Ano ang mga mangyayari kung tayo ay susunod sa kautusan ng Diyos?

- Ang mga pangako ba ng Diyos ay para sa buhay pagkatapos mamatay o para ito sa ating buhay dito sa mundo?

Basahin ang **Deuteronomio 28:15-19**

"[15] "Subalit kung hindi kayo makikinig kay Yahweh na inyong Diyos at hindi susunod sa kanyang mga utos at mga tuntuning ibinibigay ko sa inyo ngayon, mangyayari sa inyo ang mga sumpang ito: [16] "Susumpain niya kayo, ang inyong mga lungsod at ang inyong mga bukid. [17] "Susumpain niya ang imbakan ng inyong inaning butil at ang mga pagkaing nagmumula roon. [18] "Susumpain niya kayo at magkakaroon lamang kayo ng iilang anak, mahinang ani, at kaunting alagang hayop. [19] "Mabibigo kayo sa lahat ng inyong gagawin." (MBB)

- Ano ang mga mangyayari kapag hindi natin sinunod ang Kautusan ng Diyos?

Ang Diyos ay lumikha ng maraming kautusan na nagsasabi paano tayo dapat mamuhay. May mga Moral na Kautusang itinalaga upang mamahala sa personal na kabutihan ng tao. Isang

halimbawa ay ang utos na, "Huwag Mangalunya." At may mga Natural na Kautusan na namamahala sa mga bagay sa ating paligid. Ang halimbawa nito ay: "ang bawat araw ay may 24 na oras, o ang tanim ay nangangailangan ng tubig upang lumago."

Habang ating sinusunod ang kautusan ng Diyos, makikita nating umuunlad ang ating buhay. Kailangan nating maunawaan ang mga kautusang ito at ating simulang ilapat ang mga ito sa ating buhay. At habang ginagawa natin ang mga ito, makikita nating pinagpapala ng Diyos ang ating buhay.

Balik Aral sa Modyul 1

Muling balikan ang Poster # 3 mula sa Modyul 1, Aralin # 1.

- Ano ang relasyon na ipinapahayag ng bawat larawan?
- Mayroon bang kautusan o mga prinsipyo ang Diyos para sa mga bagay na ito? Ano-anu ang inyong mga maalala?



Ang Diyos ay may mga batas kung paano natin isagawa ang nararapat sa bawat isang relasyon. Siya ay nagbigay sa atin ng mga prinsipyo upang makatulong na tayo'y maging matagumpay sa mga bagay na ito at paano mapanumbalik ang nasira na mga relasyon. Totoo na hindi ito magiging perpekto hanggang hindi bumalik muli ang Panginoong Jesus ngunit maaari umunlad ang mga relasyon na ito.

Noong huling pagsasanay, itinuro natin ang tungkol sa *"Reformation."* Nang panahong iyon ay mahihirap ang mga tao, maliban sa "Royal Family" o pamilyang naghahari sa kanilang bansa at iilang mayayaman na nagmamay-ari ng mga malalaking lupain doon. Karamihan nang mga mamamayan ay mahihirap at kadalasang nagugutom.

Mahigit na 400 taon na nang ang *"Reformation"* ay dumating sa Hilagang bahagi ng Europa. Sa unang pagkakataon ay personal na nabasa ng mga tao ang Bibliya. Hindi na nila kailangang maghintay kung ano ang sasabihin ng mga pari tungkol sa sinasabi ng Bibliya para sa kanila. Nagsimula silang matutunan ang mga natural at moral na mga batas ng Diyos na Kanyang itinatag para sa Kanyang sansinukob. Sa paglipas ng panahon, ang mga kautusang ito ay sinimulan ding ituro ng Paulit-ulit sa mga simbahan at mga paaralan. Dahil sa pagtuturo nito, ang mga tao ay nagsimulang magbago din – nagsimula silang mamuhay ayon dito sa mga bagong kautusang kanilang natutunan. Isang halimbawa nito ay nang kanilang matutunan ang sinasabi sa **Efeso 6:7** *"Maglingkod kayo nang masaya ang kalooban na parang sa Panginoon kayo naglilingkod at hindi sa tao"* (MBB). Kanilang nauunawaan na iniuutos sa kanila ng Diyos na kailangan nilang magtrabaho ng matiyaga at masaya hindi para sa tao kundi para sa Kanya. Kanila ring natutunan na dapat silang magbigay sa iba at magtulungan sa isa't-isa.

At habang sila'y nagbabago, ang kanilang mga komunidad ay nagbabago din. Mas maraming pagkain ang kanilang naihahanda at mas marami nang nagaganap na pagbibigayan sa isa't-isa. Ang mga pamilya at mga komunidad ay tumitibay at mas marami na ang pumapasok sa

paaralan upang maging edukado. Dahil dito, isa-isang naka-ahon sa kahirapan ang mga bansa sa Hilagang Europa.

Sa pamamagitan nang kanilang pagsunod sa Diyos, ang mga bansa sa Hilagang Europa ay naging mayayaman. Ang di-pagsunod sa batas ng Diyos ay nagdadala ng kahirapan. Kung nais nating maka-alis sa kahirapan, kailangan nating maunawaan ang mga prinsipyong ito at magsimulang ilapat ito sa ating pang-araw-araw na pamumuhay.

Ang Bibliya ay ibinigay na ng Diyos sa atin na siyang nagsasaad ng mga kautusan Niya. Kailangan lamang nating ilapat ang mga ito sa lahat ng bahagi ng ating buhay. Hindi sapat na tayo ay nagsisimba tuwing araw ng linggo o ano man araw at mga araw na ating piniling magsimba. Ang nais ng Diyos ay ang sundin natin Siya sa lahat ng oras at pagkakataon. At habang nilalapat natin ito sa ating buhay ay makikita natin na umuunlad ang ating buhay. Hindi ibig sabihin nito na ang ating pamumuhay ay magiging laging madali. Kung ating susuriin ang buhay ni Pablo ay ating mapapansin na madalas siyang humaharap sa mga mahihirap na sitwasyon. Ngunit ang Diyos ay nangakong Kanya tayong pagpapalain sa ating paglalakad na may pagsunod sa Diyos. Maging si Pablo ay naging kuntento, natutong maging kuntento at kanya pang natagpuan ang kaligayahan sa kanyang pagharap sa mahihirap na mga kalalagayan sa buhay.

Pagbabagong Nangyari sa Bansa ng Fiji

Panuto: Gamitin ang “film cards” upang isalaysay ang kwento tungkol sa Fiji.

Habang nakikinig ang mga kalahok, hilingin na kanilang sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano-ano ang ilang mga paraan na ang mga tao ay nagsimulang sumunod sa Diyos?

2. Ano-ano ang ilang sa mga nakita nilang pagpapala ng Diyos sa mga sa Fiji?

Fiji Photo Cards

1. Panimula	Ang Fiji ay binubuo ng 322 na mga isla. Isa itong napakagandang lugar para sa mga turista at mga kilalang mga tao na nagbabakasyon. Sa turismo kumikita ng malaki ang bansang ito. Mayroon din itong 850,000 na Population. Kalahati sa kanila ay mga Fijian at ang kalahati naman ay mga Indiano.
2. Problemang Kinaharap	Noong Mayo 2000, nagkaroon ng problema ang kanilang gobyerno. Sa loob ng 56 na araw ay binihag ang mga pinuno ng gobyerno na may nakatutok na baril sa bawat isa, kaya walang makatakas sa kanila. Sa mga kalsada naman ay may mga nag-aaway at nagpapatayan. Maging ang mga sundalo ay nag-aaway-away. Kahit na napalaya na ang mga binihag, ang bansa ay nanatiling magulo. Dahil dito ay humintong magdatingan ang mga turista kaya nahirapan ang mga tao lalo na ang may mga negosyong tumatangkilik sa mga turista.
3. Ang mga Simbahan ay Nagsama-sama	Ang mga simbahan sa Fiji ay hindi nagsasama-sama at hindi nagtutulungan. Sa halip ay nagkukumpitensya sila sa isa't-isa. Ngunit kanila ring napagtanto na kailangan nilang magsama-sama at manalanging sama-sama para sa kanilang bansa. Nang sila ay nag-organisa ng kanilang kauna-unahang pagsasama-sama, hindi nila alam kung may darating pero ang lugar na kanilang inihanda ay napuno ng mga lider ng simbahan. Dahil dito ay bumuo sila ng isang bagong kooperasyon: *"The Association of Christian Churches."* Wika nga ng mga Pastor, "Noon, kanilang ini-isip lamang ang kanilang mga sarili at ministeryo, ngunit ngayon ay kanilang napagtanto na kung nais nilang pagpalain ng Diyos ang kanilang bansa ay kailangan nilang magsama-samang magtrabaho o maglingkod.
4. Nanghingi ng Patawad ang Tumatayong Prime Minister	Noong July 2001, ang mga kristiano sa lahat ng dako ng Fiji ay nagsama-sama para sa isang pananalangin at pag-aaral ng Bibliya. Sa pagtatapos ng kanilang pagpupulong, ang tumatayong Prime Minister ay nanalangin at humingi ng tawad sa Diyos at humiling na s'ya'y gabayan ng Diyos sa kanyang pamamahala upang ang Diyos ang kanyang maparangalan. Di nagtagal at siya ang naging Prime Minister ng Fiji at kanyang itinalaga ang mga banal na lider upang kasama niyang maglingkod sa kanilang gobyerno.
5. Ang Madilim na Nakaraan	Ang Fiji ay kilala rin sa kanilang panggagaway o pangkukulam at kanibalismo. Ang mga biktima pa, ang magsisibak ng kahoy na gagamitin sa pagsusunugan sa kanila. Ang mga lider ng panggagaway ay lumalakad sa nagbabagang mga bato at hindi nasasaktan o napapaso man. Ngunit ang ganitong nakaraan ay nag-iwan lamang sa kanilang mga nayon ng sumpa. May mga taong namamatay na lamang na hindi nila malaman kung ano ang naging sanhi nito.

6. Kwento sa isang Nayon	May isang nayon na kilala sa paggawa ng ipinagbabawal na gamot. Ngunit ng nagkasakit ang isa sa kanyang kaibigan. Natakot siyang mamatay ito. Kanilang narinig ang tungkol sa simbahan at kanilang dinala doon ang kanyang kaibigan upang ipanalangin. Nang gumaling ang kanyang kaibigan at ibinigay nito ang kanyang buhay at sumunod kay Jesus. Nang marinig ito ng mga kanayon, sila rin ay sumunod sa Panginoong Jesus. Kanilang napagtanto na sila'y nagpailalim o sumunod sa kasinungalingan ng diablo. Kanilang itinigil ang lahat ng uri ng panggagaway sa kanilang lugar. Maging ang lider ng ipinagbabawal na gamot ay naging kristiano at huminto sa pagbebenta nito. Sa ngayong, laganap na ang kristianismo sa 80-90 porsyento ng mga nayon. Ang mga lider ng mga nayon ay masasaya ngunit hindi pa ito sapat. Nagsimula silang magsama-sama upang manalanging sa tuwing ika-4 ng madaling araw. Nanghingi sila ng tawad sa Diyos at pangunguna sa kanilang buhay. Ngayon, ang mga taong dating sakitin ay malulusog na, ang mga punong kahoy na dati'y walang bunga ay may hitik na hitik nang mga bunga, at ang dagat ay napuno ng iba't-ibang mga isda na noong ay may kakaunti lamang.
7. Pagbabago na naganap sa loob ng kulungan	Ang mga taong dumakip at bumihag sa mga lider ng gobyerno ay naipakulong. Ang mga kulungan ay mga lugar ng kawalan ng pag-asa. Ngunit ang mga simbahan sa kanilang lugar ay nagsimulang pasukin at abutin ang mga kulungan. Bagaman, hindi ito naging madali noong una. Sapagkat ang mga tao dito ay punong-puno ng poot at ang makapaghiganti ang kanilang ninanais. Hindi sila handa na magpatawad. Ngunit nagsimulang kumilos ang Diyos at naging mga kristiano ang mga preso. Sa ngayon ay maririnig ang pag-aawitan ng pagsamba sa Diyos sa loob ng kulungan. Kung maglalakad ka ng mabilis ay iisipin mong isa itong simbahan.
8. Marami pang Pagbabago	At sa mga kabayanan na may mga pagbabagong naganap. Ang mga simbahan ay regular na nagsasama-sama upang manalangin para sa kanilang bayan. Sila'y humingi ng kapatawaran sa kanilang pagtrato sa isa't-isa noon. Ang mga kabayanan ay nagsimulang magbago. Noon ay hindi ngumingiti ang mga tao sa isa't-isa, ngunit sa ngayon ay masaya silang nagngingitian. May malaking ibinabâ rin sa krimen, kahirapan, mga pulubi at mga bata sa lansangan. Ang mga bata'y nagsisipasok sa kanilang mga eskwelahan. Ang kanilang ekonomiya ay gumaganda na rin at ang mga turista ay nagsisimula nang magbalikan.
9. Kwento sa isa pang Nayon	Sa isa pang nayon doon, sa loob ng 55 taon ay hindi nakitaan ng anumang isda ang ilog dito dahil nalason ito. At sa kabilang bahagi ng ilog ay wala ring makikita anuman pananim. Ang bawat isa sa nayon ay nagsasama-sama upang humingi ng tawad sa kanilang mga kasalanan at ng kanilang mga ninuno. Inihingi rin nila ng tawad ang kanilang panggagaway. Hiniling nila na sila'y patawarin. Maraming araw silang lumapit sa Diyos na may pagtangis. Dinala ng bawat isa at winasak ang kanilang mga kagamitan sa panggagaway. Bunga nito ay pinagpala ng Diyos ang ilog at napuno ito ng mga isda. Ang lupain sa kabilang ibayo ng ilog ay nagsimula na rin itong kakitaan ng mga pananim na sagana kung mamunga.

Basahing sama-sama ang **II Chronica 7:14** *"ngunit kung ang bayang ito na nagtataglay ng aking karangalan ay magpakumbaba, manalangin, hanapin ako at talikuran ang kanilang kasamaan, papakinggan ko sila mula sa langit. Patatawarin ko sila sa kanilang mga kasalanan at muli kong pasasaganain ang kanilang lupain."* (MBB)

- Sa anu-anong paraan ang mga tao ng Diyos ay dapat lumapit sa Diyos?
- Sa anu-anong paraan maaaring pagalingin ng Diyos ang kalupaan?

Sa anu-anong paraan ang mga tao sa Fiji ay nagsimulang sumunod sa Diyos?

a. *Ang mga simbahan ay sama-samang naglingkod*
b. *Ang mga simbahan ay sama-samang manalangin*
c. *Ang mga tao ay humingi ng tawad sa kanilang mga nagawa noong una*
d. *Kanilang winasak ang mga bagay na ginagamit sa panggagaway*

Anu-ano ang ilang mga paraan na sila'y pinagpala ng Diyos?

a. *Ang lupaing dati'y walang tumutubo na pananim, ngayon ay masaganang namumunga na.*
b. *Ang dagat at ilog ay may marami nang isda*
c. *Dumami ang isda kumpara dati*
d. *Bumaba ang krimen*
e. *Ang bata sa lansangan ay nabawasan*
f. *Nagngingitian na ang mga tao*
g. *Nagbalikan na ang mga turista*
h. *Ang kanilang ekonomiya ay umunlad na*

Sa mga susunod na mga aralin ay ating uunawain ang iba pang kautusan ng Diyos. Pagkatapos ay atin ring uunawain kung paano nagsisinungaling ang Diablo sa atin at nagsisikap na mapanatili tayo sa kahirapan.

Aral Mula sa Modyul # 1 at 2

Atin nang natalakay ang ilan sa mga kautusan ng Diyos sa nakaraang dalawang pagsasanay.

SA MALILIIT NA MGA GRUPO

Sa ilalim ng bawat *"heading,"* sikaping maalala kung ano ang ating mga natutunan dito. Maaaring gumuhit o isipin ang mga kwento o halimbawa para sa bawat kaisipan.

- Mahalin ang iyong Kapwa
- Pagbibigay
- Trabaho
- Espiritwal, Pisikal, Sosyal, at Mental

Ibahagi ang iyong "poster" sa buong klase

Pagmumuni-muni

Maglaan ng panahon upang makapag-isip tungkol sa mga bagay na ito. Paano mo mailalapat ang mga katuruang ito sa iyong buhay at ministeryo? Ano pa ang ibang bagay na maaari mong magawa?

Aralin 2: Tayo Ay Dapat Maging Mabubuting Tagapangasiwa Ng Mga Nilikha Ng Diyos

Pangunahing mga Layunin

1. Maunawaan na dapat nating pangasiwaan at pamunuan ang mga nilikha ng Diyos hindi ito inaabuso at huwag din naman pahintulutan na ito ang mamuno sa atin

2. Mag-isip ng mga paraan na ang nilikha ang namamahala sa atin at paano ito pigilan

3. Maisip ang mga pagkakataon na hindi tayo naging mabubuting tagapangasiwa ng nilikha ng Diyos at paano mapapaunlad pa ang mga ito bilang tagapangasiwa ng Diyos

Kakailanganing mga Materyales sa Pagpapasilita ng Aralin

1. Pack ng Visual Aid — Kard ng mga "Creation"
2. Sisidlan ng tubig
3. Basahan para panglinis ng tubig
4. Manila paper o malaking papel upang sulatan ng plano

Panimula

Ilagay ang sisidlang ng tubig sa isang lugar na walang masisirang anumang bagay habang ang tubig ay tumutulo at ito'y nakikita o mapapansin ng mga kalahok. Lagyan ng butas ang sisidlang ng tubig ay hayaan tumulo ang tubig habang nagpapasilita ka ng araling ito. Siguraduhing ang butas na ginawa ay sapat na mabilis na tutulo ang tubig upang madali ring mapansin ng mga kalahok ang pagtulo nito. Simulan ang pagpapasilita ng araling ito at tapusin ang ilustrasyong ito kapag mayroon nang nakapansin sa pagkalat ng tubig.

Kapag may nagkumento na sa pagkalat ng tubig mula sa sisidlang, sabihan sila na, "wala silang magagawa." Pahintulutan ang mga kalahok na magbigay ng kanilang mga suhestyon kung ano ang kanilang maaaring gawin. Kung walang sinuman ang magbibigay ng kanyang payo o suhestyon, magtanong sa mga kalahok, "Ano ang iyong magagawa?"

TALAKAYIN SA BUONG GRUPO

- Ano ang nangyari?

- Ano ang mangyayari kung hindi pinigilan ang pagtulo ng tubig mula sa sisidlan?

- Ano ang inyong naisip nang sabihin sa inyo na "wala kayong magagawa" na mapigilan ang pagtulo ng tubig mula sa sisidlan?

Sa simula pa lamang ng Bibliya o sa unang kapitulo pa lamang ay sinabi na ng Diyos na dapat magkaroon ang tao ng pamamahalata – o maging "Tagapamahala o Boss" ng Kanyang nilikha. At sa araling ito ay ating malalim na susuriin nang mabuti ang Kanyang pahayag na ito.

Ang Kwento

Panuto: Basahin sa klase ang kwentong ito

Ang mga Pokomchi Indian ang isa sa mga pinakamahihirap na tao sa probinsya ng Guatemala. May tatlumpong taon na ang nakakalipas nang unang dumating ang mga misyonero doon upang ibahagi ang Mabuting Balita tungkol sa Panginoong Jesus at makapagtatag ng mga simbahan. Marami sa mga Pokomchi ang tumanggap sa Panginoong Jesus bilang kanilang Tagapagligtas, ngunit ang kanilang komunidad ay nananatiling lubhang mahihirap. Ang mga bagong kristiano ay nakatagpo ng pag-asa para sa kanilang panghinaharap na buhay ngunit walang pag-asa para sa pangkasalukuyan. Sa katotohanan, ay kanilang literal na hinihintay ang kanilang kamatayan upang kanila nang lisanin ang kanilang miserableng pamumuhay dito sa mundo at upang magtungo na sa langit at makapiling ang Panginoong Jesus.

Ang lahat nang ito ay nagbago nang si Arturo, na isang batang pastor ay nagsimulang maglingkod sa mga Pokomchi. Nagsimula siyang maglingkod sa mga Pokomchi na mga pastor na walang pinag-aralan. Maingat niyang itinuro sa kanila ang Bibliya. At sa kanilang pag-aaral ay kanyang ipinaliwanag sa kanila na ibig ng Diyos na kanilang ilapat sa kani-kanilang pang-araw-araw na pamumuhay ang mga prinsipyo at kautusan na nasa Bibliya.

Ang pangkaraniwang problema ng mga Pokomchi ay ang kakulangan nang maayos na imbakan ng kanilang mga ani. Madalas, ang mga mahihirap na magsasaka ay aani ng maganda, ngunit kakainin lamang ito ng mga daga bago pa nila ito maipakain sa kanilang mga anak. Si Arturo ay nagtanong sa mga magsasaka, “Sino ang mas matalino, kayo o ang mga daga?” Ang mga magsasaka ay magtatawanan at sasagot na, “Ang mga daga!” Tanong muli ni Arturo, “Kayo ba ang dapat mamahala sa mga daga o ang mga daga ang mamahala sa inyong buhay?” Ang mga magsasaka ay nagkakasundo na ang mga daga ang namamahala sa kanilang buhay at kanilang pamilya. Kinukuha ng mga ito ang kanilang pagkain at walang sinuman ang pumipigil sa mga ito. Samakatuwid, ang mga daga nga at hindi ang mga tao ang nagpapasya kung ano ang pwedeng kainin ng mga daga.



Ipinakita ni Arturo ang sinasabi ng Bibliya, na ang tao ang dapat mamahala sa mga nilikha ng Diyos. Kanyang ipina-alala sa kanila na sila’y pinagpala ng Diyos ng malikhaing kakayahan dahil sila’y nilikha sa wangis at imahen ng Diyos. Kanila dapat gamitin ang malikhaing kakayahang ito na ibinigay ng Diyos sa kanila sa pagtupad ng prinsipyo na pangasiwaan nang mabuti ang nilikha ng Diyos at hindi ang nilikha ang mangasiwa ng kanilang buhay.

Ang mga Pokomchi ay nagpasya na kailangang nilang kumilos o mamuhay ayon sa Bibliya at magsimulang mangasiwa o mamahala sa mga daga. Sila’y nagpatayo ng isang pasilidad na maiimbakan ng kanilang mga ani na hindi makakapasok ang mga daga rito. At dahil naingatan ang kanilang mga ani, dito nagsimulang magkaroon sila nang sapat na makakain para sa kani-kanilang pamilya.

TALAKAYAN SA BUONG GRUPO

- Anu-ano ang mga nangyari sa kwento?
- Anu-ano ang ating matututunan mula sa kwentong ito? Paano ito mailalapat sa ating komunidad?

Pag-aaral mula sa Bibliya

Basahin ang mga sumusunod na talata o sipi: **Genesis 1:26-28; Genesis 2:15, at Awit 24:1**
Genesis 1:26-28 "[26] Pagkatapos, sinabi ng Diyos: "Ngayon, likhain natin ang tao ayon sa ating larawan, ayon sa ating wangis. Sila ang mamamahala sa mga isda, sa mga ibon sa himpapawid at sa lahat ng hayop, maging maamo o mailap, malaki o maliit." [27] Nilalang nga ng Diyos ang tao ayon sa kanyang larawan. Sila'y kanyang nilalang na isang lalaki at isang babae, [28] at sila'y pinagpala niya. Sinabi niya, "Magpakarami kayo at punuin ninyo ng inyong mga anak ang buong daigdig, at kayo ang mamahala nito. Binibigyan ko kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa tubig, sa mga ibon sa himpapawid, at sa lahat ng mga hayop na nasa ibabaw ng lupa."
Genesis 2:15 "Inilagay ng PANGINOONG Yahweh ang tao sa halamanan ng Eden upang ito'y pagyamanin at pangalagaan."
Awit 24:1 "Ang buong daigdig at ang lahat ng naroon, ang may-ari'y si Yahweh na ating Panginoon."

- Sino ang may-ari ng buong daigdig? (Awit 24)
  Ang buong daigdig at ang lahat ng naroon, ang may-ari'y si Yahweh
- Ano ang ipinag-utos ng Diyos sa tao tungkol sa Kanyang nilikha?
  - Pamahalaan ito
  - Magtrabaho dito *[magandang maunawaan ito bagaman hindi nabanggit ang salitang magtrabaho. Ito'y napapaloob na sa utos na pagyamanin (Gen. 2:15) ang nilikha ng Diyos]*
  - Pangalagaan ito

- Ano ang ibig sabihin ng "pagyamanin at pangalagaan" ang nilikha ng Diyos? Anu-ano ang ating ginagawa kapag ating pinagyayaman at pinangangalagaan ang nilikha ng Diyos? Paano natin ito mapagyayaman at mapapangalagaan?
  - Kapag ating pinangangalagaan ang isang bagay ay atin itong pinuproteksyunan at sinisiguro natin na hindi ito mababasag o masisira. Ating magagawa ito sa pamamagitan ng hindi pagkakalat o di natin pahihintulutan na masira ang nilikha ng Diyos. Kailangan nating pag-ingatan ang mga bagay sa ating paligid, tulad ng walang habas na pagputol sa mga puno nang walang karampatang pahintulot at kapalit na mga puno, dahil magdudulot ito ng mga pagguho.

- Ano ang ibig sabihin na magtrabaho? Paano natin ito magagawa?
  - Kapag tayo ay nagtatrabaho, sinisikap natin na mapagyaman ito. Ang nilikha ay dapat magkaloob sa atin ng pagkain, kagandahan, at matugunan ang pangangailangan ng iba, halimbawa, materyales para sa pagtatayo ng bahay.

Kapag tayo ay nagtatanim at umaani ay ating tinunupad ang utos ng Diyos at dapat tayong maging masaya kung ating nagagawa ito.

- Ano ang ibig sabihin na ating pamahalaan ang nilikha (isipin ang kwento ng Pokomchi)
    - Ang mamahala ay nangangahulugan na mayroon tayong kontrol sa isang bagay. Halimbawa na ang ating ilustrasyon kanina na sisidlang ng tubig na may butas – hindi ito ang may kontrol sa atin. Kailangan nating gamitin ang ating malikhaing kakayahan para sa nilikha ng Diyos. Isang halimbawa ay ang "Tulay." Kung walang tulay, ang ilog ang magtatakda kung saan tayo patungo. Ngunit dahil sa tulay o bangka, tayo ngayon ang nakapagtatakda kung saan natin nais magtungo. Hindi nais ng Diyos na ating maramdaman na ang nilikha ang may kontrol sa atin. Kailangan nating palagiang hingin sa Diyos na bigyan tayo ng malikhaing kakayahan sa ating pamumuno sa Kanyang nilikha.

Kapag tayo ang namamahala, nagtatrabaho at nangangalaga ng nilikha ng Diyos ay ating sinusunod ang utos ng Diyos. Ito ay ating tinatawag na pagkakaroon ng tamang relasyon sa nilikha ng Diyos. Sa kasamaang palad nga lang, dahil sa ating pagkakahulog sa kasalanan, ito ay naging mahirap kumpara noong unang ibinigay ng Diyos kina Adan at Eva ang utos na ito. Ganunpaman, nais pa rin ng Diyos na sundin Siya na ating pamahalaan, na tayo'y magtrabaho o pagyamanin, at pangalagaan ang Kanyang mga nilikha.

Ang Tamang Relasyon sa mga Nilikha ng Diyos

SA 2-3 MALILIIT NA GRUPO

Bigyan ang bawat grupo ng isang set ng "creation" kard mula sa pack ng "visual aids." Hilingin na kanilang tingnan ang bawat larawan. Ipahanay sa kanila at pagsama-samahin ang mga larawang nagpapakita ng tamang relasyon sa kalikasan at mga larawang di nagpapakita ng tamang relasyon sa kalikasan.

Bigyan din ang mga kalahok ng mga blankong kard at hilingin silang gumuhit ng iba pa nilang nalalaman na larawan na maaaring nasaksihan sa kanilang komunidad na nagpapakita ng tama at di tamang relasyon sa kalikasan.

Kapag sila ay tapos na sa kani-kanilang grupo, pag-usapan ang mga "creation" kard na ipinamigay sa mga grupo. Para sa bawat kard, tanungin kung ito'y ginagawa sa kanilang komunidad. Para naman sa mga kard na nagpapakita ng tamang relasyon, tanungin ang mga kalahok kung dapat ba itong madalas na gawin; at para naman sa mga hindi nagpapakita ng tamang relasyon sa kalikasan, itanong kung dapat ba itong ihinto na. Paano nating magagawa ang ganitong mga pagbabago sa ating komunidad?

Hilingin ang mga kalahok na pumili ng ilang mga kaisipan mula sa mga kard at paka-isipin kung paano ito maaaring maging isang Pagpapamalas ng Pag-ibig o "Acts of Love" sa kani-kaniyang komunidad.

Mga "Creation" Kard

Tamang Pag-aalaga ng mga Hayop 	**Malinis na Tubig**	**Pagpapalago sa mga tanim na nakakain**
☺ Tayo ay naturuan na, na dapat nating alagaan ang mga hayop. Kailangan natin ng angkop na kulungan upang ang mga hayop ay hindi magdadala sa atin ng mga sakit. Ito ay bahagi ng ating tamang pamamahala sa kalikasan.	☺ Ang paghuhukay ng balon at ang paggamit ng "filters" o pangsala, ang pagpapakulo sa tubig ay makakatulong upang ang tubig ay maging angkop na maiinom para sa ating mga katawan na hindi magdadala ng anumang sakit sa atin.	☺ Kailangan din nating magpalago ng mga tanim na atin ring makakain. Ito ay bahagi ng pagpapayaman sa paggamit sa lupa upang mapakinabangan. Ang pagkakaroon ng sariling hardin ay magandang paraan upang magkaroon ng masususTansyang mga pagkain.
Pagtatanim	**Pagtatayo ng Bahay** 	**Palikuran**
☺ Kailangan nating taniman ang lupa na bigay ng Diyos. Ito ay maaring magpuno ng pangangailangan ng ating pamilya at hindi kumuntrol sa atin. Kailangan ng patubig o anumang paraan na maging mataba ang lupa upang magdulot ito ng masaganang ani.	☺ Kailangan natin ng tirahan na masisilungan mula sa araw at ulan. Ang masigurong mayroon tayong ligtas na tirahan ay bahagi ng ating pamamahala sa kalikasan. Hindi tayo kontrol ng araw at ulan.	☺ Ang pagkakaroon ng malinis na palikuran ay maglalayo sa ating sa mga karamdaman at ating mapapanatiling malinis ang kapaligiran. Kailangan nating alagaan ang ating kapaligiran at masigurong hindi ito magdudulot ng sakit sa atin.
Pangingisda	**Pagpuputol ng mga Puno** 	**Panghuhuli sa mga Peste / Daga** 
☺ Ang pangingisda ay isa ring paraan upang tayo ay	☹ Kailangang maging responsible tayo na kung magpuputol tayo ng puno ay dapat may mga itinatanim	☺ Ang panghuhuli ng mga peste/daga ay makakatulong na mapatagal ang mga ani. Ang panghuli sa mga ito ay di

makapaghanda ng pagkain para sa ating pamilya.	tayong bagong mga puno. Ang mga puno ay regalo ng Diyos na pumipigil sa pagguho ng lupa. Kung puputulin ito at hindi gagamitin ang lupa ay mabilis itong hindi na mapapakinabangan.	kailangang kumplikado. Maaari itong gawin gamit ang kawayan. Kailangan nating pamahalaan ang kalikasan at huwag hayaang magdala ng sakit ang mga hayop, tulad ng mga daga.
Panghuli ng langaw 	**Pantakip sa mga Pagkain**	**Kulambo** 
☺ Ang panghuli ng mga langaw ay isa ring paraan upang mabawasan ang mga ito at ang mga di magandang dulot nito sa atin.	☺ Kailangan nating pag-ingatan ang ating pamilya mula sa sakit na dulot ng langaw, kaya makakatulong na ating takpan ito.	☺ Ang paggamit ng kulambo ay makapaglalayo sa atin mula sa Malaria at iba pang mga sakit lalo na sa lugar ng maraming mga lamok.
Pagkakalat	**Tuyong Lupa** 	**Balon**
☹ Hinihiling ng Diyos na ating pangalagaan ang ating kalikasan. Ibig sabihin nito ay dapat nating panatilihing maganda ito upang ating maparangalan ng Diyos. Hindi dapat magkalat at sa halip ay itapon ang kalat sa basurahan.	☹ Kailangan maghanap ng mga paraan upang ang mga di napakikinabangang mga lupa ay matamnan at ito'y mamunga. May ilang mga kaparaan upang ito'y maisagawa, tulad ng patubig at paglalagay ng mga natural at organik na mga pataba.	☺ Ang paghuhukay ng balon ay isang paraan upang ang Diyos ay makapagbigay ng tubig mula sa ilalim ng lupa. Ang mga balon ay nakakatulong na manatili tayong malinis at malusog.
Pagtatanim ng Gulay 	**Mga Hayop sa loob ng Bahay** 	**Nagkalat na mga Daga sa Bahay**
☺ Ang pagtatanim ng mga gulay sa ating bakuran ay	☹ Ang mga hayop ay hindi dapat nakakalapit sa ating	☹ Ang mga daga ay nagkakalat ng mga sakit at

isang magandang paraan upang makapagbigay tayo ng masususTansyang pagkain para sa ating pamilya.	mga pagkain. Sila ay maaaring magdala ng mga sakit. Kailangan natin silang gawan ng angkop na kulungan.	kanilang kinakain ang ating mga pagkain. Kailangan nating ingatan ang ating mga pagkain mula sa mga daga sa pamamagitan ng paggamit ng mga panghuli upang sila'y mabawasan at hindi makapagdulot ng mga sakit.

Aralin 3: Maaari Nating Mabago Ang Ating Kinabukasan

Pangunahing mga Layunin

1. Maunawaan na kailanman ay di instensyon ng Diyos na di tayo magbago. Siya ay may layunin para sa atin at nais N'ya na tayo ay lumago at ang ating buhay ay umunlad

2. Maunawaan paano tayo maging mga tao na magdadala o maghahatid ng pagbabago sa buhay ng iba

Kakailanganing mga Materyales sa Pagpapasilita ng Aralin

1. Pack ng Visual Aid — Larawan ng isang Pamilya na —Miserable

2. Pack ng Visual Aid — Mga Larawang kard ni Jesus at ang isang libing

3. Pack ng Visual Aid — Larawang kard ni Mrs. Lee

Panimula

Panuto: Ipakita sa mga kalahok ang larawan ng isang pamilyang — Miserable at tanungin ang mga kalahok ng mga sumusunod:



- Sa iyo bang palagay ay nagbago ang pamilyang ito noong nakalipas na 6 na buwan?

- Sa iyo bang palagay ay nagbago ang pamilyang ito sa nakalipas na isang taon?

- Sa iyo bang palagay ay magbabago ang pamilyang ito sa susunod na buwan?

- Sa iyo bang palagay ay magbabago ang pamilyang ito sa susunod na 6 na buwan?

- Sa iyo bang palagay ay magbabago ang pamilyang ito sa susunod na taon?

Kung ang sagot ay HINDI sa lahat ng tanong, tanungin kung bakit? Kung ang sagot ay OO, tanungin kung paano mangyayari ang mga pagbabagong ito?

Muling basahin ang mga talata sa Aralin 1 – **Deuteromio 28:1-14**.

- Sa anu-anong paraan nais ng Diyos na tayo'y pagpalain?

- Ang mga talata bang ito ay maaaring ilapat sa pamilyang ito?

Basahin ang **Jeremias 29:11** *"Sapagkat batid kong lubos ang mga plano ko para sa inyo; mga planong hindi ninyo ikakasama kundi para sa inyong ikabubuti. Ito'y mga planong magdudulot sa inyo ng kinabukasang punung-puno ng pag-asa."* (MBB)

- Anu-anong uri ng plano mayroon ang Diyos para sa atin?

- Ang talata bang ito ay maaari nating ilapat sa pamilyang miserable? Kung Oo, bakit at kung hindi naman, bakit?

SA MALILIIT NA MGA GRUPO

Gumuhit ng panibagong larawan ng pamilyang ito ayon sa layunin at naisin ng Diyos sa kanila.

Paggawa ng Kakaiba (Making a difference)

"Ang anak ng hari ay magiging hari, ang anak ng mongha ay magiging mongha."
"May panahon na ang ilog ay makipot at may mga panahon na ito'y malawak; ganoon din ang buhay ng tao."
"Ang magkaroon ng sapat na makakain ay mahirap, ngunit ang maging mayaman ay madali."

[ang mga kasabihang ito ay mula sa ibang bansa: Ang unang kasabihang ay nagsasabi na ang kinabukasan o ang buhay ng tao ay nakatakda na at hindi na mababago. Ang ikalawang kasabihang ay nagsasabi na ang buhay ng tao ay nag-iiba-iba, minsan maginhawa, minsan naman ay may kakulangan, minsan nasa taas, at minsan ay nasa baba. And ikatlong kasabihang ay nagsasaad na may pagkakataon na maaaring biglang magbago ang buhay ng tao. Hal. Nakadiskubre ng ginto, dyamante ang isang magsasaka sa lupang kanyang sinasaka habang kanyang sinasaka ito]

Sa Pilipinas, ito ang ilan sa mga kasabihang may katulad na pagkakahulugan:

"Pinanganak akong mahirap, mabubuhay akong mahirap, at mamamatay akong mahirap!"
"Ang buhay ay parang gulong, minsan ay nasa ilalim ka at minsan ay nasa itaas ka!"
"Pagtakatakda kang swertihen, giginhawa ka!"

Tandaan: *Ang mga nasa ibabaw na mga pangungusap ay mga pangkaraniwang mga kasabihang – maaari kang pumili ng mga kasabihang karaniwan sa iyong konteskto.*

- Ano ang sinasabi ng mga kasabihang ito?

- May alam ka bang mga kasabihang na iisa ang ibig ipagkahulugan?

- Alin sa mga kasabihang ito na ikaw ay sumasang-ayon?

- Alin sa mga kasabihang ito, kung meron man ay tama ayon sa bibliya?

Jeremiah 5:1 *"*Mga taga-Jerusalem, magmasid-masid kayo. Ang mga lansangan ay inyong libutin at ang buong paligid ay halughugin. Maghanap kayo sa mga pamilihan. May makikita ba kayong isang taong matuwid at tapat kay Yahweh? Kung mayroon kayong matatagpuan, patawad ni Yahweh sa Jerusalem igagawad.*"*

- Gaano karaming tao ang hinahanap ng Diyos?
- Ano ang mangyayari sakaling makita ng Diyos ang taong ito?

Ezekiel 22:30 *"Humanap ako ng isang taong makakapaglagay ng pader upang ipagsanggalang ang lunsod sa araw na ibuhos ko ang aking poot, ngunit wala akong makita."*

- Gaano karaming tao ang hinahanap ng Diyos?
- Ano ang mangyayari sakaling makita ng Diyos ang taong ito?
- Ano ang mangyayari sakaling di makita ng Diyos ang taong ito?

Ipaalala sa mga kalahok na kahit ang nag-iisang tao na sumusunod nang tapat sa Diyos ay maaaring mailigtas ang buong bayan mula sa pagkawasak nito.

Ang Pagiging Tagapag-Dala o Tagapag-hatid ng Pagbabago

Basahin ang Lucas 7:11-17 "Muling Binuhay ang Anak ng Isang Biyuda"

"[11] Pagkatapos nito, nagpunta naman si Jesus sa isang bayang tinatawag na Nain. Sumama sa kanya ang mga alagad at ang napakaraming tao.[12] Nang malapit na siya sa pintuan ng bayan, may isang lalaking namatay na dala ng mga tao patungo sa libingan. Ito ay kaisa-isang anak na lalaki ng isang biyuda. Napakaraming tao mula sa bayan ang sumama upang makipaglibing. [13] Nahabag ang Panginoon nang kanyang makita ang ina ng namatay kaya't sinabi niya rito, "Huwag kang umiyak." [14] Nilapitan niya at hinipo ang kabaong at tumigil ang mga may pasan nito. Sinabi niya, "Binata, sinasabi ko sa iyo, bumangon ka!" [15] Bumangon ang patay at nagsalita; at siya'y ibinigay ni Jesus sa kanyang ina. [16] Natakot ang lahat at sila'y nagpuri sa Diyos. Sabi nila, "Dumating sa atin ang isang dakilang propeta! Dinalaw ng Diyos ang kanyang bayan!" [17] At kumalat sa buong Judea at sa palibot na lupain ang balitang ito tungkol sa ginawa ni Jesus." (MBB)

Background: Ang kwentong ito ay naganap nang makasalubong ni Jesus at ng Kanyang mga disipulo sa may pintuan ng bayan ang biyuda na patungo sa libing ng kaniyang anak na lalaki.

Ang mga disipulo ng ating Panginoong Jesus ay sabik na sabik pa dahil sa kanilang nasaksihang himala na ginawa ng Panginoong Jesus habang ang biyuda at mga taong nakikipaglibing ay balot naman ng lungkot at pagtangis.

- Ano ang nangyari sa kwento?

Gamitin ang mga kard mula sa pack ng visual aids upang kilalanin ang 8 matututunan mula sa kwentong ito na patungkol sa taong tagapag-dala o tagapag-hatid ng pagbabago.

1. **Napansin ni Jesus ang Balo/Biyuda.** Napakaraming tao sa libing. Ang mga disipulo ng ating Panginoon ay nananatiling sabik na sabik pa dahil sa himala na kanilang nasaksihan. Ganunpaman ay napansin pa rin ng ating Panginoon ang biyuda sa gitna ng napakaraming taong naroroon. Kung tayo'y magiging tagapag-dala o tagapag-hatid ng pagbabago, kinakailangan nating mapansin ang ibang mga tao at ang kanilang sitwasyong nangangailangan ng tulong. Kailangan nating masiguro na ating nakikita ang mga indibidwal at kanilang pangangailangan at hindi lamang ang maraming tao.

2. "**Nahabag ang ating Panginoong Jesus sa Balo/Biyuda**." Kung ibig nating maging tagapag-dala o tagapag-hatid ng pagbabago, kailangan nating makaramdam ng pagka-awa. Kailangan nating magkaroon ng pusong nababasag kapag tayo ay nakakakita ng pangangailangan ng iba. Subalit, kalimitan ay humihinto tayo na makita ang mga ito at sa gayon ay hihinto rin tayo sa pagmamalasakit para sa iba. Ano ang ating ginagawa kapag tayo ay nakakakita ng isang taong may pangangailangan sa ating komunidad? Ano ang ating ginagawa kapag tayo ay nakakita ng isang inang iniwan na ng kanyang asawang lalaki o kapag nakakakita tayo ng mga lolo't lola na sa kanilang katandaan ay sila ang tumatayong magulang sa kanilang batang mga apo? Nakakaramdam ba tayo ng habag para sa kanila? Humiling sa Diyos na bigyan ka pa ng mas malalim na pag-ibig para sa iyong komunidad. Humiling na iyong makita ang mga tao sa iyong komunidad kung paano Niya sila nakikita.

3. **Nagbigay Siya ng Panghihikayat na Pananalita.** Kadalasan, ang mga tao ay nangangailangan ng mga taong mag-aaruga at manghihikayat sa kanila. Kadalasan rin ay mabilis nating iniisip na kailangan nating ng resorses upang lubusan tayong makatulong sa iba ngunit kalimitan, dapat nating maunawaan na ang mga taong nangangailangan ng tulong, ang kanilang tunay na pangangailangan ay ang magkaroon ng isa o higit pang bilang ng tao na dadamay sa kanilang sitwasyon at hihikayat sa kanila habang kinahaharap ang mga hamon ng buhay.

4. **Hinawakan ni Jesus at Kabaong.** Nang ginawa ito ng Panginoong Jesus, siya ay gumawa ng isang bagay na taliwas o mali ayon sa kanilang kultura. Ang mga Hudyo ay

naniniwala na hindi dapat hahawak sa kabaong dahil ito'y kanyang ikakarumi. Ang Panginoong Jesus ay handang maging marumi makatulong lamang sa ibang tao. Kailangan nating maging handa na pumasok sa panganib o maging hindi katanggap-tanggap makatulong lamang sa iba. Maaaring magbulong-bulungan ang mga tao nang hindi maganda o hindi nila magustuhan ang ating ginawa ngunit kinakailangan nating gawin ito dahil buo ang ating paniniwala na iyon ang nais ng Diyos na ating itulong.

5. **May Kapangyarihan ang Salita ng Diyos at ang Panalangin.** Nang si Jesus ay nanalangin, ang anak na lalaki ay muling nabuhay. Huwag kalilimutang manalangin sa bawat sitwasyon na kinahaharap. Maglaan ng panahon upang manalangin para sa tao. Gawing ito nang buong pusong nananampalataya na talagang kaya ng Diyos baguhin ang sitwasyon. Ang Diyos ay may malasakit sa lahat ng uri ng pangangailangan. Turuan din ang taong manalangin upang kanila masaksihan at makilala ang kapangyarihan ng Diyos.

6. **Mayroong Resulta o Bunga.** Ang anak na lalaki ay muling nabuhay. Kailangan ay may resulta o bunga ang ating ginagawang pagtatrabaho. Kung nais mong makatulong, magsimula sa maliliit na mga bagay, mga bagay na madali lamang magagawa. Sa iyong pagtatagumpay, ang mga tao sa iyong paligid ay masasabik din na makibahagi sa iyong mga susunod na gagawin. Sa katagalan ay may kakayahan ka nang gumawa kahit ng mga mahihirap ng proyekto.

7. **Ibinigay muli ni Jesus ang Anak na Lalaki sa Kanyang Ina at Umalis**. Ang ina ang pinahalagahan ni Jesus. Ipinapakita ni Jesus na ang ina ang importanteng tao sa kwento. Kapag tayo ay tutulong sa iba, ating pakasisiguraduhin na hindi nating makakuha ang papuri at hindi tayo ang magiging sentro ng atensyon. Hayaang sumikat ang iba habang kanilang ikinukwento ang nangyari. Ito ay magtatayo ng kanilang dignidad sa halip na ating agawin ang papuri.

8. **Ang Diyos ang Naluwalhati.** Sa katapusan ng lahat ng pagtulong, ang Diyos ang S'yang dapat makatanggap ng luwalhati. Laging siguraduhin na sa katapusan ng lahat at ano pa mang bagay, ang Diyos ang dapat laging napupuri.

Panuto: Balikan ang kwento ni Misis Lee mula sa Modyul 1

Si Misis Lee ay isang totoong babae na naninirahan sa Mekong. Kanyang pinananabikang makatulong sa mga mahihirap na pamilya sa kanyang komunidad, lalo na ang mga walang trabaho. Kanyang sinimulang bisitahin ang ilan sa mga pamilya bawat buwan na naghahanap ng pamamaraan upang sila'y matulungan magkaroon ng hanap-buhay. Narito ang tatlo sa mga

maraming kwento, paano siya nakatulong sa mga ito. At ang lahat na kwentong ito ay mga tutuong pangyayari.

Kwento # 1 – Si Misis Lee at ang hardin ng mga bulaklak



Sa kaniyang lugar ay mayroong mahirap na pamilya na may 2 anak. Parehong walang hanap-buhay ang mag-asawa. Pinupuntahan sila ni Misis Lee at kanyang napansin na mayroong maliit na lupa sa harapan ng kanilang tahanan. "Bakit hindi kayo magtanim ng mga halamang namumulaklak," tanong niya. "Inyo nang mapapaganda ang inyong bahay at maaari n'yo pa itong ibenta sa palengke."

Ang ina ng tahanan ay sumunod sa payo ni Misis Lee, at nagsimula s'yang magbenta ng mga itinanim n'yang mga bulaklak sa palengke. Di nagtagal at kanyang nalaman na ang mga namimili sa kanya ay naghahanap ng iba pang mga uri ng bulaklak—ngunit maliit lamang ang lupang kanyang natataniman ng bulaklak, kaya di na s'ya makakatanim pa ang ibang uri ng bulaklak. Kaya siya'y namili na lamang ng ibang bulaklak na kanyang isinasama sa mga bulaklak na kanyang ipinabibili sa palengke. Kanyang ring naisip na, maaari rin siyang magbenta ng iba pang mga paninda. Kaya ang kanyang ginawa ay gumugising siya ng maagang-maaga araw-araw upang mamili ng saging at buko na kanya ring ibinibenta sa kanyang pwesto kasama ng mga bulaklak.

Kwento # 2 – Si Misis Lee at ang Kamote



Isa pang pamilya ang nangangailangan ng tulong, bagaman nais nilang magtrabaho ngunit hindi nila alam kung ano ang gagawin lalo na wala naman silang espesyal na kakayahan o kasanayan. Sila ay nagtatrabaho bilang arawang manggagawa ngunit kalimitan ay hindi sila makakita ng mapagtatrabahuhan. Nakita ni misis Lee na ang pamilya ay mahusay magtrabaho at talagang nagnanais magtrabaho, kaya kanyang pinuntahan ang isang kapatiran na nagtatanim ng Kamote. Kaniya silang tinanong kung ang pagtatanim ba ng Kamote ay isang magandang negosyo, at kung ano ang kailangan upang makapagsimula sa pagtatanim ng Kamote. Nang kanyang malaman na ito'y isang mahusay na hanap-buhay, kanyang ipinaliwanag sa pamilyang ito na ang Diyos ay nag-uutos sa kanila na mahalin ang kanilang kapwa, at tumulong sa mahihirap. Kaya kanyang hinamon ang pamilyang ito kung maari nilang ituro ang kanilang kaalaman patungkol sa pagtatanim ng Kamote sa isang mahirap na pamilya. At sila'y sumang-ayon kay misis Lee. Kaagad-agad ipinakilala ni misis Lee ang dalawang pamilya. Nasabik ang mahirap na pamilya na ngayon ay makapagtatrabaho na sila kaya dali-dali silang nagtungo at umupa ng isang maliit na lupa at nagsimulang magtanim ng Kamote. Sa

pagtatapos ng taong iyon ay nagkaroon sila ng magandang ani na kanilang nabayaran ang upa sa lupa, mga binhi at ang iba pa., at may natira pang kita para sa kanilang sarili at pamilya.

Kwento # 3 – Si Misis Lee at ang Pagbabati ng Isang Mag-anak



Ang pangatlong pamilya na ninais ni misis Lee na matulungan ay may katagalan na rin na ang ama ng pamilyang ito ay itinakwil na ng kanyang mga magulang. Ang mga magulang ng ama ng pamilya ay naniniwala na ang kanilang anak at ang pamilya nito ay walang pakinabang at walang magagawa na may halaga. Si misis Lee ay nakipagtagpo sa dalawang pamilyang ito at sinikap na mapagkasundo ang dalawa. Si misis Lee ang naggarantiya sa magulang na kung kanilang muling tatanggapin ito sa kanilang pamilya at bigyan sila ng kaunting tulong ay kanyang regular na bibisitahin ang pamilya ng kanilang anak upang tulungan silang mapabuti ang kanilang pamumuhay. Bunga nito ay muling tinanggap at pinagkatiwalaan ng magulang ang kanilang anak at ang pamilya nito kaya kanilang pinahiram ng puhunan ang kanilang anak upang magsimula ng isang negosyo na namimili ng mga eskrap na bakal. Sa ngayon ay namimili ang kanilang anak ng mga lumang gamit, na gawa sa bakal at kanya namang ibinibenta ang mga ito sa isang talyer upang iresaykel. Kaniya nang kayang suportahan ang pangangailangan ng kanyang pamilya mula sa kanyang kinikita sa araw-araw at kanya na ring nararamdaman na siya na ngayon ay may dignidad na bilang isang anak at isang ama.

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

- Paano nakapag-dala o nakapag-hatid ng pagbabago si misis Lee sa kanyang komunidad?
- Ikaw ba ay nagkaroon na nang katulad na pagkakataon ni misis Lee upang makapag-dala ng pagbabago rin sa iyong komunidad? Ano ang iyong nagawa?
- Sa anu-anong mga paraan na si misis Lee ay nakapag-dala o nakapag-hatid ng pagbabago tulad ng ating mga napag-aralan mula sa kwento ng ating Panginoong Jesus at ang Biyuda?
    - *Napansin ni misis Lee ang mga indibidwal na mga tao o pamilya. Kanyang pinili ang tatlong pamilyang ito at sinimulang bisitahin sila.*
    - *Si misis Lee ay nahabag sa kanila. Kaya hindi lamang kanyang inasam na matulungan sila, siya rin ay gumawa ng paraang matulungan sila.*
    - *Hinikayat ni misis Lee ang mga pamilyang ito.*
    - *Hinarap ni misis Lee ang panganib at handa siyang magtrabaho ng mahusay. Hindi n'ya lamang hinimuk sila, humanap din s'ya ng paraang makatulong.*
    - *Bagaman, hindi nabanggit sa kwento na nanalangin siya, makakasiguro tayo na ginawa n'ya ito.*
    - *Nagkaroon ng bunga ang ginawa ni misis Lee.*

- *Kanyang iniwan sila at nagpatuloy sa kanyang gawain. Sila at hindi si misis Lee ang nagtrabaho o nagsaka sa lupain.*
- *Ang Diyos ay naluwalhati. Muli, hindi ito nabanggit sa kwento ngunit ang ilan sa mga ito ay naging mga kristiano.*

- Anong aral ang ating matututunan mula kay misis Lee?
  - Kailangan nating magkaroon ng pusong tutulong sa tao at maging handa na magsakripisyo ng oras at panahon upang maisakatuparan ito.
  - Kailangan nating maglaan ng panahon upang makapagtatag ng mga relasyon sa mga tao sa ating komunidad na nangangailangan ng tulong. Kailangan natin silang bisitahin ng regular upang ang mga taong ito ay magsimulang magtiwala sa atin.
  - Kailangan nating makinig sa kwento ng tao – Marami sa mga tao na nasa mahirap na kalalagayan ay nagnanais na makita at maramdaman na may mga taong nagmamalasakit at nagmamahal sa kanila. Kung kanilang maramdaman na sila'y pinagmamalasakitan, malaki ang posibilidad na magiging bukas silang makinig sa ating payo. Kailangan nating pakasiguruhin na wala tayong ugaling mapanghusga at sa halip ay ugaling makikitaan ng kahandaan makatulong. Sapagkat kung mararamdaman ng mga tao na atin silang hinuhusgahan, hindi magiging madali sa kanila na magbukas at magbahagi ng kanilang kwento o buhay sa atin.
  - Kailangan nating magpakilala ng mga bagong kaisipan upang matulungan ang mga tao na makita ang mga bago at posibleng paraan na makakatulong sa kanila kung magagawa nila ito. Kalimitan ay hindi alam ng tao kung paano nila mababago ang kanilang buhay. Ang mga mahihirap ay madalas na nakakaramdam na hindi na nila mababago pa ang kanilang sitwasyon at mabilis na sumusuko sa pagkakaroon ng kakaibang pamumuhay. Kailangan nila ng isang taong handang gumawa kasama nila upang mabigyan sila ng mga kaisipan paano nila mababago ang kanilang buhay.
  - Kailangan nating maging handa sa pagtatrabaho upang makitang matupad ang ating ideya. Si misis Lee ang unang bumili ng buto o binhi at kasama siya ng babae na nagtanim nito. Hindi lamang itinuro ni misis Lee sa babae kung ano ang gagawin. Siya rin ang naghanap ng pamilyang handang magturo ng pagtatanim ng Kamote sa pamilya na nais niyang matulungan at kanya rin silang tinulungan makahanap ng maliit na lupa na kanilang matatamnan. At sa pangatlong kwento, siya'y nagtungo sa pamilya ng anak upang maipagkasundo ito sa kanyang mga magulang. Hindi n'ya lamang sinabi sa kanila kung ano ang dapat gawin; siya'y aktibong tumulong upang ang mga pamilyang ito ay makapagsimulang magkaroon ng pagbabago sa kanilang buhay.
  - Maging handa na magsimula ng maliit. Hindi lahat ng ideya ay magdadala ng radikal na pagbabago tulad ng mga kwentong ating narinig. Minsan ay kailangan nating tulungan sila sa bawat hakbang at sa araw-araw. Huwag umasa na lahat ng taong gustong magbago ay kaagad-agad na gagawa ng malaking hakbang. Bigyan sila ng madadaling mga unang hakbang upang makapagsimula at ang mga unang hakbang na mga ito ay kanilang madali ring

magagawa agad at kanilang maramdaman ang mga ito bilang kanilang pagtatagumpay. Kapag ang mga tao ay nakaramdam ng pagtatagumpay sa maliliit na mga bagay ay magbibigay ito sa kanila ng kakayahan at kagustuhang gumawa ng ilang mga bagay na higit na malaki, mabigat, at mahirap.

Isang Tutulong na Grupo

Minsan ay mahirap makapag-isip ng mga ideya na makakatulong sa iba. Kaya isa sa paraan upang makalikom ng mga ideya ay ang pagkakaroon ng isang grupo o isang tutulong na grupo. Ang grupong ito ay maaaring isang grupo ng mga tao na maaaring magsama-sama minsan sa isang linggo dahil mayroon silang kagustuhang makatulong sa iba. Maaari silang manalanging sama-sama upang ipanalangin ang tinutulungan ng bawat isa at pagkatapos ay kanilang ibabahagi sa grupo kung ang erya na sila'y naghahanap ng mga ideya na maaari nilang maitulong upang makapag-dala o makapag-hatid ng pagbabago. Sama-sama, ang grupo ay makapag-iisip ng higit na maraming ideya kaysa sa isang tao lamang ang mag-iisip nito. Huwag kalilimutang humingi sa Diyos ng katalinuhang sa ating paglikom ng mga ideya na maari nating itulong sa nangangailangan.

SA MALILIIT NA MGA GRUPO

Muling isipin at tingnan ang larawan ng pamilyang miserable na ating tinalakay sa pasimula ng araling ito. Mag-isip ng ilang mga paraan na ating maitutulong sa kanilang pangkasalukuyang sitwasyon upang ang larawang ito ay maging larawan na nilalayon ng Diyos para sa kanilang pamumuhay.

Konklusyon

Awit 139:14-17 "[14] Pinupuri kita, O Diyos, marapat kang katakutan, ang lahat ng gawain mo ay kahanga-hangang tunay; sa loob ng aking puso, lahat ito'y nakikintal. [15] Ang buto ko sa katawan noong iyon ay hugisin, sa loob ng bahay-bata doo'y iyong napapansin; lumalaki ako roong sa iyo'y di nalilihim. [16] Ako'y iyong nakita na, hindi pa man isinilang, batid mo kung ilang taon ang haba ng aking buhay; pagkat ito'y nakatitik sa aklat mo na talaan, matagal nang balangkas mong ikaw lamang ang may alam. [17] Tunay, Yahweh, di ko kayang maabot ang iyong isip, ang dami ng iyong balak ay hindi ko nababatid;" (MBB)

Minsan ay mas madaling paniwalaan na ang ating nakaraan ang magpapasya ng ating kinabukasan. Kaya tayo'y laging magiging mahirap kung ipinanganak tayong mahirap; kung magsasaka ang ating magulang ay magiging magsasaka din tayo. Ganunpaman, ang Diyos ay may plano sa iyong buhay. Ikaw ay walang katulad nang ikaw ay nilikha ng Diyos at binigyan ka rin ng Diyos ng mga talento at Kanyang hinuhubog ang iyong karakter at ikaw ay inilagay sa isang pamilya na ibig ng Diyos na maging kabahagi nito. Nais ng Diyos na iyong gamitin ang Kanyang ibinigay sa iyo upang makapag-dala o makapag-hatid ng pagbabago. Ang bawat isa sa inyo ay maaaring makapag-hatid ng pagbabago sa anumang sitwasyon na inyong kinakaharap, ito man ay kinakaharap ng iyong pamilya, ng ibang tao, o ng iyong komunidad. Tatawagin ka

ng Diyos upang mag-dala o mag-hatid ng pagbabago sa iyong simbahan, sa iyong komunidad, sa iyong probinsya, at maaring sa iyong buong bansa.

Paglalapat

Hilingin ang mga kalahok na pagmuni-munihan at ipanalangin ang dalawang sumusunod na mga katanungan:

- Kumusta ang iyong buhay? Naniniwala ka ba na kayang baguhin ng Diyos ang iyong buhay? Manalangin na ipakita sa iyo ng Diyos paano mababago ang iyong kinabukasan.

- Maglaan ng panahon upang makapag-isip ng isang tao na maaari mong simulang tulungan. Ibig mo bang maging kabahagi ng isang tumutulong na grupo?

Kapag ang lahat ng kalahok ay nakapaglaan na ng panahon sa pananalangin, hilingin ang mga interesadong maging bahagi ng isang tumutulong na grupo na makipag-usap sa iyo sa susunod na oras ng pahinga. Tulungan silang hatiin at bumuo ng grupo na may 4-8 miyembro at himukin silang magplano kailan sila maaaring magsama ng tuwina. Ipaliwanag sa kanila na sa kanilang unang pagpupulong na ang bawat isa sa kanila ay dapat ay may napili na ng isang tao na nais nilang tulungan. Magsimulang bisitahin ang mga indibidwal na napili. Manalangin para sa isa't-isa na sila'y tutulungan ng Diyos habang sila'y binibisita. Sa ikalawang pagpupulong, ang bawat isa ay magbibigay ulat sa kanilang mga pagbisitang ginawa at ibahagi ang mga ideya na iyong naisip na nais mong maitulong. Bilang isang grupo, humingi sa Diyos ng katalinuhan at gamitin ang malikhaing kakayahan na ibinigay sa iyo upang maka-isip ng Posibleng paraan upang makatulong. Tandaan, huwag piliting gawin ang lahat ng bagay ng sabay-sabay at kaagad-agad. Pumili lamang ng isang maliit na erya sa buhay ng nais tulungan upang makapagsimulang makatulong sa kanya.

Aralin 4: Ang Diyos Ay Nagbigay Sa Atin ng Sobra-sobra

Pangunahing mga Layunin:

1. Makilala ang lahat nang ibinigay ng Diyos sa atin
2. Maunawaan na ang Natural na Panloob at Espiritwal na Resorses ay higit na mahalaga kaysa sa Natural na Panglabas na Resorses

Kakailanganing mga Materyales sa Pagpapasilita ng Aralin

1. Eskript para sa dula-dulaan
2. Pack ng Visual Aid – Mga kard ng resorses

Panimula

Bago simulan ang pagpapasilita ng araling ito, hilingin ang isang kalahok na maghanda para sa isang monologo:

Ang isang kristiano ay gumagawa ng kanyang personal na "quite time" at kanyang binasa ang Mateo 25:14-30. Pagkatapos ay kanyang sasabihin,

"Sana ay tulad din ako noong unang lingkod na nabigyan ng 5 talento para makagawa ako ng mga dakilang bagay para sa Diyos! Pero naaawa naman ako doon sa pangatlong lingkod na isang talento lamang ang ibinigay sa kanya … Parang ang lupit naman ng Diyos sa kanya! Pero, sa totoo lang, mas mabuti pa silang lahat kaysa sa akin, kasi, ako, wala ni isang talento o anumang espesyal na kakayahan para makapaglingkod sa Diyos o magministeryo para sa kanya! Maliban pa dyan, mahirap lang ako!!! Hindi nga ako makatulong kahit kanino dahil sa dami ng aking pangangailangan. Diyos ko, tulungan n'yo po naman ako at bigyan Ninyo ng ilan sa mga talento na aking magagamit…"

- Ano ang inyong nakita mula sa drama?
- Ano ang sinasabi ng mga kristianong mahihirap?
- Tama ba ang kanilang pananaw?
- Bakit kaya sila nagkaroon ng ganitong kaisipan?

Pag-aaral Mula sa Biblia

SA MALILIIT NA MGA GRUPO

Basahin ang **Mateo 25:14-30** "Talinhaga Tungkol sa Tatlong Alipin"

"**14** "Ang paghahari ng Diyos ay maitutulad sa isang taong maglalakbay. Kaya't tinawag niya ang kanyang mga tauhan at ipinagkatiwala sa kanila ang kanyang ari-arian. **15** Binigyan niya ng salaping ginto ang bawat isa ayon sa kanilang kakayahan. Binigyan niya ang isa ng limanlibong salaping ginto, ang isa nama'y dalawang libong salaping ginto, at ang isa pa ay isanlibong salaping ginto. Pagkatapos nito, siya'y umalis.[16] Kumilos agad ang tumanggap ng limanlibong salaping ginto at ipinangalakal iyon. Kumita siya ng limanlibong salaping ginto.[17] Gayundin naman, ang tumanggap ng dalawang libong salaping ginto ay kumita pa ng dalawang libong salaping ginto. [18] Ngunit ang tumanggap ng isanlibong salaping ginto ay humukay sa lupa at itinago ang salaping ginto ng kanyang panginoon.

19 "Pagkaraan ng mahabang panahon, bumalik ang panginoon ng mga tauhang iyon at sila'y pinag-ulat. **20** Lumapit ang tumanggap ng limanlibong salaping ginto at sinabi, 'Panginoon, ito po ang limanlibong salaping ginto na iniwan ninyo sa akin. Heto naman po ang limanlibong salaping ginto na tinubo nito.'

21 "Sinabi sa kanya ng panginoon, 'Magaling! Tapat at mabuting lingkod! Halika, samahan mo ako sa aking kagalakan. Naging tapat ka sa kaunting halaga, kaya gagawin kitang tagapamahala ng malaking halaga.'

22 "Lumapit din ang tumanggap ng dalawang libong salaping ginto at ang sabi, 'Panginoon, ito po ang iniwan ninyo sa aking dalawang libong salaping ginto. Heto naman po ang dalawang libong salaping ginto na tinubo nito.'

23 "Sinabi ng kanyang panginoon, 'Magaling! Tapat at mabuting lingkod! Naging tapat ka sa kaunting halaga, kaya't pamamahalain kita sa malaking halaga. Samahan mo ako sa aking kagalakan!'

24 "Lumapit naman ang tumanggap ng isanlibong salaping ginto at sinabi, 'Alam ko pong kayo'y mahigpit at pinipitas ninyo ang bunga ng hindi ninyo itinanim at inaani ninyo ang hindi ninyo inihasik. **25** Natakot po ako, kaya't ibinaon ko sa lupa ang inyong salaping ginto. Heto na po ang inyong salapi.'

26 "Sumagot ang kanyang panginoon, 'Masama at tamad na lingkod! Alam mo palang pinipitas ko ang bunga ng hindi ko itinanim at inaani ko ang hindi ko inihasik, **27** bakit hindi mo na lamang inilagay sa bangko ang aking salapi! Kahit paano'y may tinubo sana ito! **28** Kunin ninyo sa kanya ang isanlibong salaping ginto at ibigay sa may sampung libong salaping ginto. **29** Sapagkat ang mayroon ay bibigyan pa, at magkakaroon ng sagana; ngunit ang wala,

pati ang kakaunting nasa kanya ay kukunin pa. [30] Itapon ninyo sa kadiliman sa labas ang walang silbing taong iyan! Doo'y mananangis siya at magngangalit ang kanyang mga ngipin.'" (MBB)

Mga Talatang 16-18

- Ano ang ginawa ng mga lingkod sa kanilang tinanggap na mga talento?
- Kanino mo nakikita ang iyong sarili, sa unang dalawang lingkod na kaagad-agad pinangalakal ang talentong kanilang tinanggap o sa ikatlong lingkod na sa halip na ipangalakal ay itinago ang talentong kanyang tinanggap?

Mga talatang 19-23

- Ano ang ginawa ng Panginoon sa kanyang pagbabalik?
- Ano ang sinabi ng Panginoon sa mga lingkod na tumubo ang mga talentong ipinagkatiwala sa kanila?

Mga talatang 24-28

- Ano ang problema ng ikatlong lingkod na sa halip ikalakal ang talentong tinanggap ay itinago ito?
- Ano ang sinabi ng Panginoon sa kanya?
- Sa iyo bang palagay ay may mga kristiano na hindi nila ginagamit ang talento o mga talentong ipinagkatiwala sa kanila ng Panginoon? Bakit kaya hindi nila ito ginagamit?
- Ano ang ating magagawa?

Pagwawaksi ng ating mga Dahilan sa Di-paggamit ng Talento

Panuto: Humiling ng 5 kalahok na magbabasa ng mga pangkaraniwang pagdadahilan sa di paggamit ng kani-kanilang talento.

Matanda = "Hay naku, sana ay bata pa rin ako. Para may sapat pa akong lakas na magagamit upang makapaglingkod sa Panginoon gamit ang aking talento. Pero ngayong kasi ay matanda na ako at pagod na."

Bata = "Sana ay matanda na ako. Para mayroon akong mas malaking inpluwensya sa iba at aking higit na magagabayan ang iba sa paglilingkod nila sa Panginoon gamit ang kanilang mga talento. Sa ngayon, dahil ako'y bata pa, mahirap gawin itong nais ko."
Negosyante = "Ang dami ng aking ginagawa, sana ay may mas marami akong oras. Dahil sa sobrang bisi ko sa trabaho ay wala akong panahon na makatulong sa ibang tao."

Walang Pagsasanay = "Sana ay nakapag-aral ako o may tinapos ako. Wala akong alam tungkol sa Teolohiya. Tanging mga nakapag-aral lamang sa "Bible" eskul o may mga

katulad na pagsasanay tulad ng mga pastor at mga misyonero ang mga makakatulong lamang sa iba."

Mahirap = "Kung mayaman lamang at maraming pera ako, makapaglilingkod ako sa Diyos ng husto. Kaya lang ay mahirap lang ako at hindi ako na makatulong sa iba dahil ako man ay may pangangailangan din at umaasa na matutulungan ako ng iba."

TALAKAYIN SA MALILIIT NA MGA GRUPO

- Alin sa mga pagdadahilang ito ang ating nagamit o nasabi na?
- Alin sa mga pagdadahilang ito ang madalas nating marinig sa ibang tao sa ating simbahan?
- Ano ang naging dahilan ng ikatlong lingkod na hindi ipinangalakal ang talento at sa halip ay itinago ito?
- Ang pagdadahilan ba ng ikatlong lingkod ay katanggap-tanggap sa Panginoon?
- Sa iyo bang palagay ay katanggap-tanggap ba sa Panginoon ang ating mga pagdadahilan?
- Ano ang maaari nating gawin upang ating maiwaksi ang mga pagdadahilang ito?

Kailangan Nating Magsimulang Makita ang Lahat ng Ibinigay ng Diyos sa Atin

Madalas ay nakikinig tayo sa kasinungalingan ni Satanas at ating pinaniniwalaan na wala tayong anumang magagawa. Ating ikinukumpara ang ating sarili sa iba at kalimitan ay ating nakikita lamang ang mga bagay na wala tayo. Ngayon ay atin muling titingnan ang lahat nang ibinigay na ng Diyos sa atin.

Upang matulungan tayo na maging mas malinaw na mag-isip ay ating isasaalang-alang ang tatlong kategorya: Ang Natural na Pangloob; Ang Natural na Panglabas; at Ang Espiritwal.

Ang <u>Natural na Pangloob</u> ay tumutukoy sa lahat ng kaloob at kakayahang bigay ng Diyos sa atin. Mga halimbawa nito ay ang: kakayahang magsalita, kakayahang gumawa ng pagpapasya, abilidad sa pagluluto, abilidad na makapagpasiga ng apoy at iba pa…

Ang <u>Natural na Panglabas</u> ay tumutukoy sa lahat ng resorses na ibinigay ng Diyos na naririyan na sa ating komunidad. Mga halimbawa nito ay ang: tubig, lupa, araw, mga paaralan, at kung anu-ano pa.

<u>Espiritwal</u> na Resorses ay tumutukoy sa mga bagay na mayroon tayo dahil sa ating relasyon sa Diyos. Mga halimbawa nito ay ang: mga himala, panalangin, kapanyarihan ng Diyos, at marami pang iba.

Pakasiguraduhin na malinaw na nauunawaan ang pagkaka-iba sa pagitan ng tatlong kategorya. Hatiin ang mga kalahok sa maliliit na mga grupo at hilingin silang paghiwa-hiwalayin ang mga kard (ang Pack ng Visual Aids – Kard ng mga resorses) na ibinigay na sa kanila sa dalawang grupo, ang una ay ang mga kard ng larawang mayroon na sila sa kanilang komunidad at ang ikalawa naman ay ang mga wala pa sa kanilang komunidad. Kapag tapos na sila ay hilingin sa kanila kung mayroon pa silang maidadagdag na 5 pang mga bagay na mayroon na sila sa kanilang komunidad.

Hilingin sa mga kalahok na tingnang mabuti ang lahat ng kanilang mga sagot. Tanungin sila kung mayroon sa kanila na wala kahit isang resorses.

Habang mas madali na isipin at maramdaman na wala tayo, ang katotohanan ay lubos tayong pinagpala ng Diyos. Kaniya tayong binigyan na ng sobra-sobra. Sa halip na ating isipin kung ano ang wala tayo, kailangan nating gamitin anumang bagay na ipinagkaloob na ng Diyos sa atin.

Muling basahin ang **Matthew 25:20-23**

"**20** Lumapit ang tumanggap ng limanlibong salaping ginto at sinabi, 'Panginoon, ito po ang limanlibong salaping ginto na iniwan ninyo sa akin. Heto naman po ang limanlibong salaping ginto na tinubo nito.'

21 "Sinabi sa kanya ng panginoon, 'Magaling! Tapat at mabuting lingkod! Halika, samahan mo ako sa aking kagalakan. Naging tapat ka sa kaunting halaga, kaya gagawin kitang tagapamahala ng malaking halaga.'

22 "Lumapit din ang tumanggap ng dalawang libong salaping ginto at ang sabi, 'Panginoon, ito po ang iniwan ninyo sa aking dalawang libong salaping ginto. Heto naman po ang dalawang libong salaping ginto na tinubo nito.'

23 "Sinabi ng kanyang panginoon, 'Magaling! Tapat at mabuting lingkod! Naging tapat ka sa kaunting halaga, kaya't pamamahalain kita sa malaking halaga. Samahan mo ako sa aking kagalakan!'" (MBB)

- Ano ang mangyayari kapag ating gagamitin o ipangangalakal ang ibinigay ng Diyos sa atin?

- Atin bang ginagamit ang lahat nang ibinigay na ng Diyos sa atin?

- Paano nating mapagbubuti pa ang ating sarili sa paggamit nang lahat ng ibinigay na ng Diyos sa atin?

Ang mga Magsasaka

Isang pananaliksik ay nagpapakita na ang Pangloob na mga resorses ay higit na mas mahalaga kaysa sa Panglabas na mga resorses. At bilang mga kristiano, kailangan nating mapagtanto na ang Espiritwal na mga resorses ay labis na mahalaga sa naunang dalawa dahil kaya nitong maparami ang ating natural na mga resorses.

Basahin ang sumusunod na kwento[i]

Sa Constanza, ang lupa roon ay mataba. Maraming tubig doon at ang kanilang klima ay maganda para sa pagpapalago ng mga pananim.

Matapos ang Ikalawang Pangdaigdigang Digmaan, ang mga hapones na nagnanais takasan ang kahirapan sa kanilang lugar ay nagtungo sa lugar na ito. Nang sila'y nagsidatingan sa lugar na ito ay walang wala silang dala-dala maliban sa damit na kanila nang suot-suot. Nanirahan sila kasama ng mga lokal na mga taga-roon.

Makalipas ang 20 taon, ang mga magsasakang hapones ay mayayaman na. Mayroon na silang malalaking bahay. Ganunpaman, ang mga lokal na mga magsasaka ay mahihirap pa rin at patuloy na nahihirapang magkaroon ng sapat na makakain.

Paano ito posibleng nangyari? Ano po ang nangyari? Hindi ba't parepareho naman sila nang uri ng mga pisikal na resorses. Ang kanilang pagkakaiba ay sa kanilang mga ideya. Ang mga hapones ay naniniwala na dapat silang laging nagtatrabaho ng husto kahit na mahirap ang kalalagayan at hindi dapat agad susuko. Ngunit ang lokal na mga magsasaka roon ay naniniwala na hindi na magbabago ang kanilang buhay. Kanilang pinaniniwalaang na dahil ang kanilang mga magulang at mga lolo't lola ay mahihirap, sila rin ay maghihirap. Kapag mahirap na ang sitwasyon, wala na silang gagawing kahit ano dahil naniniwala silang ito na ang itinakda sa kanila.

- Ano ang nanyari sa kwento?
- Gaano kahalaga ang paraan paano mag-isip ang tao?
- Ano ang ating matututunan mula sa kwento?
- Ano ang isang bagay na ating gagawing kakaiba bunga ng kwentong ito?

Tala*: Tulungan ang mga kalahok na maunawaan na ang mga hapones at mga lokal na magsasaka ay may parehong klase ng lupa at klima. Ang tangi nilang pagkaka-iba ay sa kanilang paniniwala at ideya. Ang mga hapones ay hindi nangangahulugang mayroong kakaibang natural na panglabas na mga resorses kumpara sa mga taga-roon. Ang kalamangan ng mga hapones ay mayroon silang magandang natural na pangloob na wala sa mga lokal na mga magsasaka. Maaari tayong magkaroon din ng magandang natural na pangloob na mga resorses kung gagamitin natin ang Salita ng Diyos na humubog ng ating pag-iisip at paniniwala.*

Aralin 5: Si Satanas Ay Sinungaling

Pangunahing mga Layunin

1. Maunawaan na si Satanas ay nagsisinungaling kahit na sa ating simpleng paniniwala patungkol sa pagtatrabaho, sa pag-asa, sa katauhan, mga nilikha, at iba pa. Ang kanyang kasinungalingan ay nagpapanatili sa atin sa kahirapan

2. Maunawaan na bilang mga kristiano ay kailangan nating malaman ang totoo dahil ito ang magpapalaya sa atin

3. Maunawaan na tinatawag tayo ng Diyos na magdisipulo ng ibang mga tao, at kasama rito ay ang pagdadala o pagtuturo ng katotohanan sa lahat ng bahagi ng buhay ng tao

Kakailanganing mga Materyales sa Pagpapasilita ng Aralin

1. Pack ng Visual Aids — Mga kard ng kasinungalingan

Panimula

Basahin ang **Juan 8:44** "*Ang diyablo ang inyong ama! At ang gusto ninyong gawin ay kung ano ang gusto niya. Sa simula pa lang ay mamamatay-tao na siya. Hindi siya pumanig sa katotohanan kailanman, sapagkat walang puwang sa kanya ang katotohanan. Kapag nagsasalita siya ng kasinungalingan, nagsasalita siya ayon sa kanyang kalikasan sapagkat siya'y sinungaling, at siya ang ama ng kasinungalingan.*"

- Paano inilarawan ang diablo sa talatang ito?
- Ano ang ilang sa mga halimbawa ng kasinungalingang sinasabi ni Satanas?
- Nakaka-apekto ba sa ating kasalukuyan ang mga kasinungalingang sinasabi ni Satanas?

Si Satanas ang ama ng kasinungalingan. Sinungaling na s'ya mula pa nang pasimula at patuloy s'yang nagsisinungaling hanggang ngayon. Nais n'ya tayong maging mahirap at nagugutom. Kanyang nalalaman na kung ating susundin ang kautusan ng Diyos, tayo'y pagpapalain ng Diyos. At ayaw niyang mangyari ito sa kaninumang kristiano kaya puro kasinungalingan ang kanyang sinasabi sa atin.

Ano ang mga uri ng kasinungalingan na sinasabi ni Satanas?

Si Satanas ay nagsisinungaling sa atin sa maraming paraan. Ngayon ay ating susuriin ang ilan sa mga kasinungalingan na sinasabi ni Satanas sa atin upang manatili tayong mahihirap.

Basahin at masdan ang mga kard na may nakasulat na kasinungalingan (Pack # 5 ng mga Visual Aids). Siguraduhing mauunawaan ng mga kalahok ang mga kasinungalingan. Hilingin sa mga kalahok na mag-isip at magdagdag ng dalawang pang kasinungalingan at isulat ang mga ito sa blankong mga kard.

Ilagay sa sahig ang mga kard na hiwa-hiwalay at hilingin sa mga kalahok na kanilang lagyan ng dahon o maliit na bato/buto sa bawat mga kasinungalingan na iyong pinaniwalaan o pinaniniwalaan.

Hatiin muli ang mga kalahok sa maliliit na mga grupo at hilingin silang talakayin ang mga kasinungalingan at isipin ang tungkol sa katotohanang mula sa Diyos na sagot sa bawat kasinungalingan. Bigyan ang bawat grupo ng panahon upang magbigay ulat sa kanilang talakayan.

Ang trabaho ay isang sumpa at isang mabigat na pasanin. Ok lang na hindi trabaho ng husto at kaunti lamang ang gawin.	Dinesenyo tayo ng Diyos na magtrabaho. Si Adan at Eva ay nagtatrabaho bago pa man sila nahulog sa pagkakasala. Ang pagtatrabaho ay bahagi ng ating dignidad at isang pamamaraan din upang ating maluwalhati ang Diyos.
Mamatay akong mahirap dahil ipinanganak akong mahirap.	Ang Diyos ay handang pagpalain tayo kung tayo ay buong pusong susunod sa Kanya. Siya rin ay may kakayahang baguhin ang ating kinabukasan kung ating nanaisin.

Hindi kami makakatulong sa iba dahil kami rin ay mahihirap at may mga pangangailangan din. Kami ang dapat bigyan ng mga nakakaluwag sa buhay. 	Ang pinakamahirap na tao ay hindi libre sa utos ng Diyos na magbigay. Sa aklat ng Malakias ay sinabi ng Diyos ang dahilan kung bakit hindi N'ya sila pinagpapala ay dahil hindi nila S'ya inuuna sa kanilang mga buhay. Hinamon sila ng Diyos na subukin S'ya at tingnan kung ano ang mangyayari kung magsisimula silang magbigay gaya nang Kanyang iniuutos sa kanila. Dapat ating mapagtanto na nararapat lamang na tayo'y magbigay bilang pagkilala sa katotohanan na ibinigay na N'ya sa ating ang lahat na nang ating kailangan. (II Pedro 1:3)
Ang Diyos ay may malasakit lamang sa mga espiritwal lamang na mga bagay. 	Ang Diyos ay may malasakit sa lahat ng aspeto ng ating mga buhay. Ang lahat ng mga bagay ay nangasira dahil sa pagkakasala at ibig ng Diyos na hindi lamang tayo mangaligtas, nais din Niyang maipanumbalik ang dating relasyon ng lahat ng aspeto ng ating buhay sa Kanya.
Ang Diyos ay nagnanais lamang na ating maibahagi ang Mabuting Balita sa ating mga kapitbahay – at hindi na natin kailangan pang arugain ang iba pang mga pangangailangan nila.	Ang Diyos ang nag-uutos sa atin na mahalin natin ang ating mga kapitbahay. Nang Kanyang ilarawan ang mga tupa at mga kambing ay Kanya rin tayong pina-alalahanan na ang pag-ibig ay naipapamalas sa pamamagitan ng pagkakaloob ng pagkain, tubig, damit, tirahan, at pag-aaruga. Nang Kanya namang tanungin kung sino ang ating kapitbahay, ay Kanya naman ikinuwento ang tungkol sa Mabuting Samaritano na nang makita sa lansangan ang estrangherong hudyo na pinagnakawan na ay binugbog pa ay kanya itong inaruga, ipinagamot sa ospital, at s'ya pa ang nagbayad nang lahat.

Kailanman ay hindi namin mababago ang aming buhay nang walang tulong pinansyal galing sa iba.	Tayo ay pinagpala na ng Diyos. Kailangan lamang nating buksan ang ating mga mata upang makita ang lahat, na ibinigay na sa ating ng Diyos at atin rin magamit ang lahat ng ito di lamang para sa ating kundi maging sa pagtulong sa iba. At habang ating ginagamit ang lahat nang ibinigay na sa atin ng Diyos ay patuloy N'ya tayong pagpapalain. Sa unang Modyul ay ating pinag-usapan si misis Lee na tumulong sa tatlong pamilya, at isa sa pagtulong na kanyang ginawa ay ang pagbibigay sa kanila ng mga ideya.
Ang ibang mga tao ay mas mahusay kaysa sa iba. Hindi kami mahalaga.	Tayong lahat ay nilikha sa wangis ng Diyos at mahal tayong lahat ng Diyos kaya Kanyang isinugo ang Kanyang Bugtong na Anak para mamatay para sa atin. Walang mas mataas na tao o mababa man sa kaharian ang Diyos. Kanya tayong nilikha ayon sa bawat nais N'yang tayo ay maging at S'ya ay may espesyal na layunin para sa bawat isa.
Ang mensahe ng Ebanghelyo ay may epekto lamang sa ating espiritwal na buhay. 	Ang ating Panginoong Jesus ay namatay hindi lamang upang Iligtas tayo kundi upang maipanumbalik N'ya ang lahat ng bahagi ng ating buhay sa dati nitong relasyon sa Diyos, at hindi lamang tumutukoy sa espiritwal na mga bagay.

Ano ang ipekto ng mga Kasinungalingan sa atin?

Ang kasinungalingan ni Satanas ay may malaking ipekto sa ating buhay.

Basahin ang sumusunod na kwento[ii]

Ang bansa ng Israel ay halos binubuo ng malawak na disyerto. Ganunpaman ay mayroong kakaiba sa disyertong ito. Ang ibang bahagi ng disyertong ito ay walang tanim – ito'y walang laman at tuyong-tuyo. Ngunit ang ibang mga bahagi nito ay may gubat. Ito ay ang mga bahagi na maraming mga puno ng prutas na masaganang namumunga at mga bulaklak na palagiang sumisibol na kanila pang naiiexport sa ibang bansa. Bakit mayroong gubat na katabi ng disyerto? Ang mga taong nakatira sa disyerto ay mga arabo. Kanilang pinaniniwalaang na isinumpa ni Allah ang lupa. Kaya hindi na sila nagsikap na gumawa pa nang anuman dahil sa

kanilang pinaniniwalaan na ang lupa ay hindi maganda at kailanman ay hindi magdudulot ng anumang maganda. Ang mga hudyo naman ang nakatira sa ibang bahagi ng lupa doon. Dahil kanilang pinaniniwalaang na ito'y lupang pangako na ibinigay ng Diyos sa kanila, naniniwala sila na ang lupaing ito ay aagusan ng gatas at pulot gaya ng ipinangako ng Bibliya. Kanila ring pinaniniwalaang na ang Bibliya ay nagsasabi sa kanila na kailangan nilang pamahalaan, arugain, at magtrabaho dito upang ito'y maging kapakipakinabang. Kanilang ginamit ang kanilang malikhaing kakayahan upang mag-isip ng mga ideya na kanilang magagawa upang mapagtagumpayan ang malaking problema sa kakulang ng tubig na kailangan ng mga tanim at puno. Sila'y gumawa ng solusyon at ang solusyon na kanilang naisip ay ang pagtatanim ng gubat. Pinagpala ng Diyos ang kanilang pagsisikap at ngayon ay higit pa sa kanilang pangangailangan ang kanilang ani.

- Ano ang pagkaka-iba ng mga Arabo at ng mga Hudyo?
- Ano ang pagkaka-iba ng bunga ng lupain sa pagitan ng mga lupa na pagmamay-ari ng mga Arabo at ng mga Hudyo?

Tala*: Tulungan ang mga kalahok na kanilang makita na ang mga Arabo ay naniwala sa kasinungalingan ni Satanas kaya ang bunga nito ay kawalang ng bunga para sa kanilang lupain. Sa kabilang banda naman ay naniwala ang mga Hudyo sa katotohanan na mula sa Diyos ayon sa Kanyang Biblia kaya naman namumunga ng higit pa sa kanilang pangangailang ang kanilang mga lupain na kanila pang naibebenta sa iba pang bansa ang kanilang ani.*

Muling tingnan ang bawat kard ng kasinungalingan. Para sa bawat kasinungalingan, mag-isip ng magiging pagkakaiba sa buhay ng isang naniniwala dito at sa buhay ng isang naniniwala naman sa katotohanan mula sa Diyos na kontra sa kasinungaling ito. Halimbawa – Naniniwala ang isa na ang pagtatrabaho ay bunga ng sumpa. Dahil pinaniniwalaang niya ito, hindi siya magtatrabaho ng husto. At sa halip ay hihinto na sa pagtatrabaho kapag mayroon na s'yang sapat na makakain para sa araw na iyon. Hindi-hindi siya masisiyahan sa kanyang ginagawa at laging magsisikap na maging simple at maliit lamang ang kanyang gagawin kung maaari. Ganunpaman, kapag ang isang tao ay naniniwala na ang pagtatrabaho ay bahagi ng kanyang dignidad at isa ito sa mga paraan upang maluwalhati niya ang Diyos, siya'y magtatrabaho ng masaya at nang may kahusayan. Dahil sa kaniyang pagsisikap ay kikita siya ng mas malaki. At malamang ay patuloy siyang magpupunyagi kahit sa gitna ng mga hamon, kahirapan at hindi siya agad-agad na susuko.

SA MALILIIT NA MGA GRUPO

Muling balikan ang mga kasinungalingan at talakayin sa inyong grupo kung ano ang magiging epekto sa buhay ng mga tao ang mga kasinungaling ito. Bigyan ng panahon na makapagbigay ulat ang bawat grupo.

Tanungin sa mga kalahok kung anong mga pagbabago ang kanilang makikita sa kanilang komunidad kung ang mga tao ay maniniwala sa katotohanan at hindi sa kasinungalingan. Ang iyo bang komunidad at magiging mas mabuti o papangit ito? Ano ang mabubuti na iyong makikita dito? Ano ang pangit na iyong maaaring makita dito? Ang iyo bang komunidad ay

magiging mas katulad nang nais ng Diyos o hindi gaanong magiging katulad nang nais ng Diyos para sa iyong komunidad?

Bilang isang pagsasanay, maglaan ng ilang panahon sa pananalangin na wasakin ng Diyos ang kapangyarihan ng kasinungalingan sa iyong lugar at hingin na ikaw ay tulungang mapuno ang iyong pag-iisip ng pawang mga katotohanan lamang.

Paano natin iwawaksi ang mga kasinungalingan?

Basahin ang **Juan 8:31-32** *"31 Sinabi naman ni Jesus sa mga Judiong naniniwala sa kanya, "Kung patuloy kayong susunod sa aking turo, kayo nga'y tunay na mga alagad ko. 32 Makikilala ninyo ang katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo.""* (MBB)

- Paano natin malalaman ang katotohanan?
- Ano ang gagawin ng katotohanan? (Palayain tayo mula saan o sa ano tayo palalayain ng katotohanan?)

Kung ibig nating mapalaya mula sa kasinungalingan ni Satanas, kailangan nating ang katotohanang nagmumula sa Diyos. Ang Diyos ay nangakong ipapadala sa mga kristiano ang Kanyang "Espiritu ng katotohanan, papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan" (**Juan 16:13**). Manalangin na ipakita ng Diyos sa iyo ang katotohanan at maglaan ng panahon upang magbasa ng Bibliya upang maunawaan ang mga katotohanang ito. Hingin sa Diyos na ikaw ay tulungang maunawaan ang Bibliya at ang Kanyang katotohanan.

Aralin 6: Pangangailangan ng Pagsusuri

Pangunahing mga Layunin

1. Magbigay ng mga impormasyon tungkol sa mga komunidad
2. Matulungan ang mga kalahok na mag-isip ng mga paraan upang magdala ng pagbabago sa komunidad
3. Matulungan ang bawat kalahok na makapagsimula sa paggawa ng plano na magdadala o maghahatid ng pagbabago sa kani-kanilang komunidad

Kakailanganing mga Materyales sa Pagpapasilita ng Aralin

1. Blankong mga Kard
2. Malaking Blankong papel

Panimula

Ang sunod na hakbang upang makapag-dala at makapag-hatid ng pagbabago sa ating komunidad ay ang pagmamasid nang malapitan sa ating kani-kaniyang komunidad at upang maliwanag na maunawaan kung anu-ano ang mga problemang kinakaharap nito at malaman din ang pag-asang mayroon tayo para sa panghinaharap.

Pumili ng isang perang papel – isang perang papel na maliit lamang ang halaga – at isang perang papel na pamilyar ang lahat.

Hingin sa lahat ng kalahok na sagutin ang sumusunod na mga tanong. (Piliting iangkop ang mga tanong upang ang mga ito ay tungkol sa pera na kilala ng mga tao na iyong pinapasilita.)

1. Ilang beses nakasulat ang “20” pesos sa bente pesos?
2. Ilang beses nakasulat ang salitang “DALAWAMPUNG PISO” sa bente pesos?
3. Sinong presidente ang makikita sa bente pesos?
4. Anong kulay ng bente pesos?
5. Anong larawan ang makikita sa gitnang bahagi ng harap ng bente pesos?
6. Anong hayop ang makikita sa likod ng bente pesos?
7. Anong magandang tanawin ang makikita sa likod ng bente pesos?
8. Ilarawan ang pagkakasulat ng letra at bilang ng “Serial number” ng bente?
9. Kanino ang dalawang pirma na makikita sa harap ng bente?
10. Anong pangyayari naganap na makikita sa kaliwang ibaba ng harap ng bente.
11. Ano ang makikita sa ibabang kaliwa ng likod ng bente.

Tala: Ang mga tanong sa unahan nito ay maaring itanong sa anumang perang papel na nilimbag noong 2018.

Ipaliwanag na minsan ay hindi na natin napapansin ang ilang mga bagay dahil karaniwan na nating nakikita ito. Ang layunin ng aktibidad na ito ay upang matulungan tayong muling tingnan ang ating komunidad at mag-isip kung paano tayo makakatulong.

Mga Pamilya sa Komunidad

Gumuhit ng 3 na kahon sa isang malaking papel. Lagyan ito ng mga pangalan: Dukha, Mahirap, at Mayaman. Sa bawat kahon ay ilarawan ang magiging kalalagayan ng isang pamilya. Hilingin silang isaalang-alang ang mga bagay tulad ng:

- Uri ng Bahay
- Pagkain
- Pagmamay-aring mga hayop
- Lupain
- Pananamit
- Natapos na pag-aaral
- Hanapbuhay

(Maaaring 4 na kahon ang gawin upang ang mga "Average Income" na mga tao ay maisama sa representasyon.)

Kapag kanila na itong natapos, hingin sa mga kalahok na tantyahin kung anong porsiyento ang Dukha, Mahihirap, (Average) at Mayayaman sa kanilang komunidad.

Halimbawa

Mayaman	Mahirap	Dukha
Batong bahay, may sobra bigas at may tatak o "branded" ang mga damit. May TV, kotse o motorsiklo, may sofa at mga alagang hayop tulad ng mga manok, kambing, kalabaw, o baka. May sapat na pagkain para sa tatlo o higit pang beses ng kain at may karneng ulam. Ang mga anak ay hindi nagugutom kapag sila'y pumapasok para mag-aral.	May natitirhan ngunit kakaunti ang laman ng bahay. May sapat na pagkain para sa isang beses sa isang araw. May ilang pirasong damit. Kumakain ng mga di kinakain ng mayayaman.	Ang bahay ay tagpi-tagpi. Kumakain ng isang beses sa isang araw – ng kanin at nudels o asin kung walang wala. Bihirang makakain ng maayos

Ang Komunidad

Magsama-sama ang mga kalahok na magkakalugar upang sama-samang gumuhit ng mapa ng kanilang komunidad.

Kung ikaw ay nagpapasilita ng araling ito sa mga kalahok na hindi magkakalugar, magsama-sama ang mga magkakalapit ng lugar, upang ang magkakagrupo ay mula sa iisang lugar. Kung ang isang grupo ay may higit sa anim na kalahok, hatiin ito sa dalawang grupo at gumuhit ang bawat grupo ng kanilang mapa.

Pagkatapos gumuhit ng mapa ng kanilang komunidad, pamarkahan sa mga kalahok ang mga sumusunod:

a. Pinagmumulan ng maiinom na tubig
b. Paaralan, ospital, palengke, sentro ng kalusugan, at iba pa.
c. Relihiyosong mga lugar
d. Gasolinahan, banko
e. Importanteng mga kalsada at lugar
f. Palaruan at mga plaza

SAMPLE MAP



Kapag kanila nang natapos ang kani-kanilang mapa, hilingin silang ikumpara ito sa isa't-isa at tingnan kung ano ang pagkakapareho at pagkakaiba nila. Kung sila ay nanggaling sa parehong komunidad, maari silang magbahagihan ng mga impormasyon sa isa't-isa na maaari nilang nakaligtaang ilagay sa kanilang mapa.

Kapag kanila nang nakumpleto ang kanilang mapa, gumuhit sila ng ikalawang mapa na nagpapakita ng kanilang naisin makita sa komunidad 10 taon mula ngayon. Hilingin silang ipaliwanang ang kanilang idinagdag sa mapa, at ipaliwanag bakit, at kung ano ang kanilang mga binago. Sa anong paraan ito naiiba mula sa unang nilang mapa? Ipasulat sa kanila ang mga pangunahing pagbabago sa pahina ng pagsasanay na ito na may pamagat na "Pangunahing Mga Pagbabago sa Komunidad.

Prayoridad na mga Proyekto

Pakaisipin kung anong mga pagbabago ang iyong nais na makita sa mga pamilya ng iyong komunidad. Isulat ang mga ito sa kard. Idagdag ang mga pagbabagong ito sa mapa ng iyong komunidad at isulat din ito sa kard. Pagsama-samahin ang mga kard. Hilingin sa mga kalahok na tingnan ang mga ito at suriin kung mayroong mga pagbabago na inaasahan nilang mangyari na wala pa sa kani-kanilang listahan.

Hilingin sa mga kalahok na kanilang paghiwa-hiwalayin ayon sa uri nitong mga sumusunod bilang: Pinakamahalaga, Mahalaga, at Di-gaanong Mahalaga. Para sa mga kard na pinakamahalaga, lagyan ang kard nito ng tatlong asteris. Para naman sa mga kard na mahalaga, lagyan ang mga kard ng dalawang asteris. At isang asteris naman para sa di-gaanong mahalaga. Muling pagsama-samahin ang mga kard at ngayon ay paghiwa-hiwalayin ang mga ito kung gaano kadaling maresolba ang mga ito. Isalansan sila mula sa Madaling gawin, Mahirap-hirap Gawin, at Mahirap gawin. Sa mga kard na madaling magawa, lagyan ng tatlong asteris, dalawang asteris sa mahirap-hirap gawin at isang asteris sa mahirap gawin.

Hanapin ang mga kard na may 6 na asteris (o 5 asteris kung walang may anim na asteris.) Ito ang mga kard na parehong pinakamahalaga at pinakamadaling gawin o isakatuparan. Mula sa mga kard na ito, pumili ng isa o dalawa na nais mong simulan sa iyong komunidad.

Maglaan ng panahon upang manalangin sa inyong pagtatapos at humiling sa Diyos ng Kanyang pagnubay sa iyong balak gawin. At kung ipapahintulot ng panahon, himukin silang gumawa ng kanilang susunod na “Act of Love.”

---

[i] Miller, Darrow, Bob Moffitt, and Scott Allen. (2005). Chapter 7: The ABCs of Culture. In The Worldview of the Kingdom of God (pp. 103-104). Seattle, WA: YWAM Publishing.

[ii] Miller, Darrow (2013) "13 Transforming Truths: A Bible Study for Community Flourishing" (p5) published by the Disciple Nations Alliance under the terms of the Creative Commons Attribution-ShareAlike 3.0 license.